

## Intelektuwal na Talambuhay ni Bonifacio P. Sibayan: Muhon ng Pagpaplanong Pangwika at Bilingguwal na Edukasyon sa Pilipinas/

### *Intellectual Biography of Bonifacio P. Sibayan: Pillar of Language Planning and Bilingual Education in the Philippines*

Jay Israel B. De Leon  
La Salle Green Hills  
jayisraeldeleon@gmail.com

Nilalayan ng papel na ito na pag-aralan ang buhay at mga gawa ni Bonifacio P. Sibayan (1916–2005), isang Pilipinong lingguwista, sa pamamagitan ng isang intelektuwal na talambuhay. Partikular nitong sinisiyasat ang kaniyang mga ideya bilang tagapangunang iskolar ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas. Pangunahing ginamit ang mga primaryang batis na nasusulat, katulad ng mga aklat at mga artikulo, at di-nasusulat, katulad ng personal na panayam sa mga iskolar na nagkaroon ng personal na interaksyon kay Sibayan. Ginabayan naman ng metodong biograpikal, partikular ng anyong iskolarli-historikal, at balangkas ng intelektuwal na talambuhay ang pagsusuri ng papel. Tatlong pangunahing tema ng mga ideya ni Sibayan ang lumitaw: (1) mga ugat ng suliraning pangwika, (2) bilingguwal na edukasyon bilang tulay sa pagitan ng mga hangaring instrumental at sentimental, at (3) pagpaplanong pangwika tungo sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Sa dulo, binibigyang diin ang aktibong pakikilahok ni Sibayan sa paglutas ng mga suliraning pangwika ng Pilipinas at ang patuloy na kabuluhan ng kaniyang mga ideya sa kontemporaryong lipunang Pilipino. Inirerekomenda ng papel ang mas malalim pang pagsusuri ng mga ideya ni Sibayan, lalo na iyong mga nasa akdang hindi isinama sa pag-aaral, pati na rin ang pagsisiyasat sa iba pang dominyo ng kaniyang buhay-intelektuwal.

**Mga Susing Salita:** bilingguwal na edukasyon; Bonifacio P. Sibayan; intelektuwal na talambuhay; lingguwistikang Pilipino; pagpaplanong pangwika sa Pilipinas

*This paper aims to study the life and works of Bonifacio P. Sibayan (1916–2005), a Filipino linguist, through an intellectual biography. In particular, the paper studies Sibayan's ideas as a pioneer scholar of language planning in the Philippines. The study used primary sources, both written, such as books and articles, and non-written, such as personal interviews with scholars who had personal interactions with Sibayan. Biographical method, particularly the scholarly-historical approach,*

*and the framework of intellectual biography guided the analysis of the paper. Three main themes of Sibayan's ideas emerged: (1) the roots of language problem, (2) bilingual education as a bridge between instrumental and sentimental goals, and (3) language planning toward the intellectualization of Filipino. In the end, the paper emphasized Sibayan's active participation in solving the language problems of the Philippines and the continuing relevance of his ideas in contemporary Philippine society. For future research, the paper recommended a deeper analysis of Sibayan's ideas, particularly those in works not included in the study, as well as an investigation of the other domains of his intellectual life.*

**Keywords:** *bilingual education; Bonifacio P. Sibayan; intellectual biography; language planning in the Philippines; Philippine linguistics*

## PANIMULA

Natatangi ang karanasan ng Pilipinas kaugnay ng wika. Bukod sa pagiging isang multilingguwal at multi-etnikong bansa, napasailalim ang Pilipinas sa pamamahala ng mga kolonisador sa loob ng napakahabang panahon. Mangyari pa, ang mga kolonisador ay nagkaroon ng kani-kanilang lapit upang matugunan ang masalimuot na sitwasyong pangwika sa bansa sang-ayon sa kani-kanilang kolonyal na ideolohiya. Bagama't pormal na naging isang nagsasariling bansa ang Pilipinas noong 1946, nagpatuloy ang maraming suliraning pangwikang bunsod ng iba't ibang salik. Sa kabila ng paglaganap ng mga pamanang wika ng kolonisasyon (Espanyol at Ingles), hindi nito nagawang ganap na supilin ang patuloy na paggamit sa mga katutubong wika. Kalakip din ng pagtatatag ng nagsasariling republika ang paghahanap at paggigiit sa isang pambansang pagkakakilanlan. Gayunman, mahirap isagawa ang pagsisikap na ito sa isang bansang binubuo ng mga populasyong may kani-kaniyang wikang pinagkakalooban ng katapatan, simboliko o praktikal na mga konsiderasyon man ang pinagmumulan nito.

Sa mabuti man o masama, nakadagdag din sa kasalimuotan ng sitwasyong pangwika ng Pilipinas ang mga pambansang patakaran na ipinatupad kaugnay ng wika. Hindi na kailangan pang komprehensibong isalaysay rito ang kasaysayan ng patakarang pangwika sa Pilipinas, ngunit maaaring tukuyin ang ilang mahahalagang pangyayaring nagkaroon ng malawakan at pangmatagalang epekto sa lipunang Filipino, katulad ng pagpapagamit sa Ingles bilang wika ng pagtuturo sa sistema ng pampublikong paaralan ng mga Amerikano; mga patakarang kaugnay ng wikang pambansa, i.e., 1) ang pagdedebelop ng isang wikang pambansang

batay sa isang wika ayon sa 1935 Konstitusyon, 2) ang pagtatakda sa Tagalog bilang batayan ng wikang pambansa ayon sa rekomendasyon ng Institute of National Language noong 1937, 3) ang pagtawag sa wikang pambansa bilang "Pilipino" noong 1959, 4) ang pagkawala ng wikang pambansa at ang probisyon sa pagdedebelop ng isang bagong wikang pambansang batay sa lahat ng umiiral na wika sa Pilipinas ayon sa 1973 Konstitusyon, at 5) ang pagtatakda sa Filipino, isang wikang pagyayamanin batay sa lahat ng umiiral na wika sa Pilipinas, bilang wikang pambansa ayon sa 1987 Konstitusyon; at ang pagpapatupad ng programa ng bilingguwal na edukasyon noong 1974 at 1987.

Sa gitna ng mga pangyayaring nabanggit, isang Pilipinong intelektuwal ang umusbong at aktibong nakisangkot sa paghahanap ng solusyon sa mga suliraning pangwika ng kaniyang bansa—si Bonifacio P. Sibayan (1916–2005). Isang guro at lingguwista, si Sibayan ay itinuturing bilang tagapangunang iskolar ng *applied linguistics*, partikular sa larangan ng pagtuturo ng wika, at tagapagtatag ng disiplina ng pagpapaplanong pangwika sa Pilipinas (Gonzalez, "About the Author" xiv). Sa pandaigdigang entablado, kinilala rin siya bilang mahalagang bahagi sa paglikha ng larangan ng sosyolingguwistika na may pangmatagalang impluwensiya sa pag-unlad nito (Paulston 5). Sa 89 taon ng kaniyang buhay, si Sibayan ay naging estudyante ng pampublikong paaralan ng mga Amerikano, guro ng wika sa hayskul, propesor ng lingguwistika at administrador sa pamantasan, tagapagtatag ng isang samahang panlingguwistika, mananaliksik, kasapi ng lupong bumuo ng gabay sa implementasyon ng programa ng bilingguwal na edukasyon, kawani ng pambansang ahensiyang pangwika, at higit sa lahat, masigasig na tagapagtaguyod ng intelektuwalisasyon ng Filipino. Ang mga gawaing ito ay nagpapatunay

kung paano ginawang makahulugan at produktibo ni Sibayan ang kaniyang buhay bilang isang intelektuwal. Mahigit labinlimang taon na ang lumipas noong siya'y pumanaw, ngunit ang kaniyang mga ideya ay nananatiling makabuluhan sa kontemporaryong lipunang Pilipino, kaya nakikitang mahalaga na muling balikan ang kaniyang buhay at mga gawa.

### *Layunin ng Pag-aaral*

Sa pangkalahatan, nilalayan ng papel na ito na pag-aralan ang buhay at mga gawa ni Sibayan sa pamamagitan ng isang intelektuwal na talambuhay. Sa mga dominyo ng kaniyang buhay-intelektuwal, pinagtuunan ng pansin sa papel na ito ang kaniyang mga ideya bilang tagapangunang iskolar ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas kung saan siya naging pinakabantog. Nahahati ang pagtalakay sa dalawang sustantibong seksiyon: 1) maikling talambuhay ni Sibayan at 2) mga ideya ni Sibayan sa pagpaplanong pangwika at bilingguwal na edukasyon. Isinasalaysay sa unang sustantibong seksiyon ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Sibayan mula sa kaniyang kapanganakan hanggang sa kaniyang pagpanaw. Nahahati ito sa tatlong subseksiyon: 1) kabataan at edukasyon na nagsasalaysay ng mga karanasan ni Sibayan bilang isang estudyante ng pampublikong paaralan ng mga Amerikano sa Cordillera hanggang sa pagtatapos niya ng doktorado sa Estados Unidos, 2) propesyonal na karera na tumatalakay sa mahahalagang pangyayari sa kaniyang buhay bilang isang guro at administrador sa paaralan, mga kontribusyon niya sa Philippine Normal College (PNC), Linguistic Society of the Philippines (LSP), Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), at programa ng bilingguwal na edukasyon, at 3) pagkilala at pamana na nagtatampok sa mga parangal na iginawad sa kaniya, pati na rin ang kaniyang mga impluwensiya sa mga nakababatang iskolar ng wika. Tinatalakay naman sa ikalawang sustantibong seksiyon ang kaniyang mga ideya kaugnay ng pagpaplanong pangwika. Nahahati ito sa tatlong subseksiyon batay sa mga temang lumitaw sa pagsusuri ng kaniyang mga isinulat: 1) mga ugat ng suliraning pangwika, 2) bilingguwal na edukasyon bilang tulay sa pagitan ng mga hangaring instrumental at sentimental, at 3) pagpaplanong pangwika tungo sa intelektuwalisasyon ng Filipino.

### **Metodolohiya**

**Pangangalap ng Datos:** Ang pagsusulat ng talambuhay ay pagsusulat ng kasaysayan ng isang indibidwal, kaya gumamit ang mananaliksik ng mga paraang historikal sa pangangalap ng datos. Pangunahing ginamit sa papel na ito ang mga primaryang batis. Para sa unang sustantibong seksiyon, kapuwa nasusulat at di-nasusulat na batis ang ginamit. Lubos na nakatulong ang mga biograpikal na tala sa dalawang aklat: ang *The Intellectualization of Filipino and other Essays on Education and Sociolinguistics* (1999) ni Sibayan na mayroong maikling tala hinggil sa kaniyang buhay na isinulat ni Br. Andrew Gonzalez, FSC, isang matalik na kaibigan, at isang awtobiograpikal na sanaysay na nagbabahagi ng kaniyang mga karanasan bilang estudyante ng elementarya, at *Panagani* (1984), isang *festsschrift* para kay Sibayan, na naglalaman ng kaniyang *curriculum vitae* at isang personal na parangal ng patnugot na si Gonzalez. Ginamit din ang iba pang primaryang batis bilang suplementarya, tulad ng entri kay Sibayan sa *Pambansang Direktoryo ng mga Alagad ng Wika* (2004) ng Unibersidad ng Pilipinas–Sentro ng Wikang Filipino (UP–SWF) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at mga artikulong “The Linguistic Society of the Philippines, 1969–1989” (1989) ni Ma. Lourdes Bautista at “Cornucopia: The Linguistic Society of the Philippines at 50” (2019) ni Alejandro Bernardo na pinagkuhanan ng datos hinggil sa mga gawain ni Sibayan sa LSP at kaniyang pakikilahok sa implementasyon at ebalwasyon ng programa ng bilingguwal na edukasyon, at “Oral History of Linguistics and Applied Linguistics in the Philippines” (1989) ni Alex Lamadrid na naglalaman ng mga datos mula sa panayam kay Sibayan at iba pang lingguwistang Pilipino.

Nagsagawa rin ng panayam ang mananaliksik sa tatlong iskolar na nagkaroon ng personal na interaksyon kay Sibayan: sina Dr. Ma. Lourdes S. Bautista at Dr. Emma S. Castillo na kapuwa kinapanayam online sa pamamagitan ng aplikasyong Zoom, at si Dr. Aurora E. Batnag na kinapanayam sa pamamagitan ng personal na komunikasyon sa email. Si Dr. Bautista ay isang bantog na iskolar sa sosyolingguwistika at pagtuturo ng wika na kilala sa kaniyang mga pag-aaral hinggil sa mga sarbey pangwika, *Philippine English*, at *code-switching* (Lamadrid 63). Naging estudyante siya ni Sibayan sa programang doktorado sa lingguwistika

ng Philippine Normal College–Ateneo de Manila University consortium noong 1971 at kasamahan sa LSP. Dalawang beses naging tagapangulo ng LSP si Bautista (1991–1992 at 1996–1997) at naging *holder* din ng Bonifacio P. Sibayan (BPS) Distinguished Professorial Chair in Applied Linguistics noong 1992 at Br. Andrew B. Gonzalez FSC (BAG) Distinguished Professorial Chair in Linguistics and Language Education noong 2001 (Bernardo 2, 8, 10). Si Dr. Castillo naman ay isang kilalang iskolar din ng sosyolingguwistika at pagtuturo ng wika. Naging estudyante siya ni Sibayan sa kaniyang masterado sa PNC at doktorado sa consortium, katuwang sa pagsulat at pamamatnugot ng maraming pag-aaral, at kasamahan sa LSP. Naging tagapangulo rin si Castillo ng LSP (1992–1993) at holder ng BPS Professorial Chair noong 1991 at BAG Professorial Chair noong 2004 (Bernardo 2, 6, 9). Si Dr. Batnag naman ay isang kinikilalang pangalan sa lingguwistika at panitikang Pilipino. Siya ang hepe ng Dibisyon ng Lingguwistika ng KWF noong nanungkulan si Sibayan bilang *part-time commissioner* ng ahensiya. Noong 2020, ginawaran siya ng KWF Dangal ng Wika na ipinagkakaloob sa “isang natatanging indibidwal, samahan, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribado na may makabuluhang ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino kasama na ang mga katutubong wika sa Filipinas” (KWF).

Para sa ikalawang sustantibong seksiyon, hindi ginamit ang lahat ng publikasyon ni Sibayan. Ang pagsasagawa ng gayong proyekto ay lubhang mahirap dahil sa kapal ng kaniyang produksiyong intelektuwal. Sa halip, upang matukoy ang mga pangunahin at mahahalagang ideya ni Sibayan, sinuri ang mga artikulong isinulat ni Sibayan na tinipon sa librong *The Intellectualization of Filipino and other Essays on Education and Sociolinguistics* (1999). Kombinyente ang paggamit ng librong ito sapagkat: 1) si Sibayan mismo ang pumili ng mga artikulong muling ililimbag sa koleksiyon, 2) nakatuon ang mga artikulo sa mga larangan ng sosyolingguwistika at pagpaplanong pangwika na siyang tuon din ng intelektuwal na talambuhay na ito, 3) isinulat ang mga artikulo sa panahong aktibo si Sibayan sa akademya (mula unang bahagi ng dekada 60 hanggang huling bahagi ng dekada 90), at 4) inilathala ang mga artikulo sa iba’t ibang publikasyong lokal at internasyonal na nagpatibay sa posisyon ni Sibayan bilang muhon ng larangan.

### *Konseptuwal na Balangkas*

Ang pag-aaral na ito ay nakaayon sa balangkas ng metodong biograpikal na nilakipan at pinalalim ng dimensiyoung intelektuwal. Ayon kay Smith, ang pagsusulat ng talambuhay ay isang aktibong gawaing konstruksiyonista na binubuo ng maraming hakbang, tulad ng pagpili ng “bayani” (indibidwal na paksa), paghahanap ng datos, pagpili ng mga isyu at tema, at pagpipinta ng isang pinal na imahen ng paksa (302). Ang unang gawain ng isang mananalambuhay ay ang pagpapasya kung kaninong buhay ang isusulat na nangangailangan ng maingat at mapanuring pag-iisip (Smith 289). Ang napiling paksa ng mananaliksik para sa pag-aaral na ito ay si Sibayan, ngunit ano ang batayan? Maiugnay ang katanungang ito sa pagmumuni ng mananalambuhay na si Leon Edel (sinipi sa Smith 289): sa mundong puno ng mga natatanging indibidwal na nabuhay sa iba’t ibang panahon, bakit itinutuon ng mananalambuhay ang kaniyang atensiyon sa iilang indibidwal at tinatalikuran ang iba? Sa ganang mananaliksik, katulad ng nabanggit na nga sa panimula ng papel, ang mga pangunahing batayan sa pagpili kay Sibayan ay ang kaniyang katayuan bilang muhon ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas at ang nananatiling kabuluhan ng kaniyang mga ideya sa kontemporaryong panahon hindi lamang sa larangan kundi sa lipunang Pilipino. Gayunman, ang katayuan ni Sibayan bilang muhon ay iginawad hindi lamang ng mananaliksik, kundi ng lipunan ng mga kasamahang intelektuwal ni Sibayan sa loob at labas ng bansa bago pa man tangkaing isulat ang kaniyang talambuhay.

Isa sa pinakamahirap na desisyong kinakaharap ng mananalambuhay ay ang pagpili ng temang gagabay sa pag-unlad ng buhay na isusulat; minsan, natutukoy agad ito ng mananalambuhay batay sa kaniyang preliminaryong kaalaman tungkol sa buhay ng napiling paksa (Smith 291). Sa kaso ng pag-aaral na ito, maagang natukoy ang pangakalahatang temang gagabay sa pagtrato sa buhay ng paksa batay sa nalalaman ng mananaliksik tungkol kay Sibayan—na siya’y isang iskolar. Ang kaalamang ito ang nag-udyok sa mananaliksik na pagpili ng temang intelektuwal para sa isusulat na talambuhay. Ang gayong pagpapasya ay isang hakbang tungo sa paglihis sa karaniwang direksiyon ng mga talambuhay na nakatuon lamang sa mga personal na tala sa buhay ng isang indibidwal at kronolohikal na pagsasalaysay ng mga ito. Laging

mahalaga ang kronolohiya, ngunit ang simpleng pagsasalaysay ng kapanganakan, edukasyon, pag-aasawa, karera, at pagpanaw ay hindi sapat (Smith 291). Bukod sa mga datos na ito, pinagninilayan ng mananalambuhay kung paano naging makahulugan at makabuluhan ang buhay ng paksa. Sa ganang mananaliksik, mahusay na magagawa ito sa buhay ni Sibayan sa pamamagitan ng isang intelektuwal na talambuhay.

Kabilang sa mga pangunahing desisyon ng mananalambuhay ang pagpili ng anyo o uri ng talambuhay na tatangkain niyang isulat (Smith 292). Isa sa mga isyung kinakaharap ng sinomang manunulat ng kasaysayan ang hangganan ng kaniyang interbensiyon sa mga ebidensiya sa proseso ng pagsusulat. May mga mananalambuhay na nagsasabing ang kanilang isinulat ay isang “obhetibong talambuhay” na nagbibigay-diin sa mga katotohanan, may matibay na kronolohiya, at may minimal na interpretasyon mula sa kanila (Smith 292). Gayunman, ang ganitong pagtrato sa buhay ng paksa ay hindi makapagbibigay ng kahulugan at kabuluhan. Mangyari pa, hindi angkop ang ganitong lapit sa isang intelektuwal na talambuhay. Ayon kay Smith, ang ganap na obhetibong talambuhay ay imposibleng magawa (292). Kaya naman, napili para sa pag-aaral na ito ang anyong “iskolarli-historikal” na nagbibigay-diin pa rin sa kronolohiya at mga katotohanang batay sa ebidensiya, ngunit may lumalaking pagsasaalang-alang sa kaligirang pangkasaysayan ng paksa at bumubuo ng anyong may konteksto (Smith 292).

Sa kaniyang isinulat na intelektuwal na talambuhay ni Ernesto A. Constantino (na isa ring Pilipinong lingguwista), tinukoy ng mananaliksik ang sumusunod na katangian ng intelektuwal na talambuhay batay sa isinagawang sarbey ng mga naisulat nang intelektuwal na talambuhay: 1) ipinakikita nito ang impluwensiya ng konteksto sa pag-unlad ng mga ideya ng paksa, 2) nagbibigay-daan ito sa mas mabuting pag-unawa sa mas malawak na kasaysayan at lipunan kung saan at kailan nabuhay ang paksa, at 3) nagsisiilbi itong tulay sa pagitan ng mambabasa at ng paksa at kaniyang mga gawa (De Leon 4–5). Sumasang-ayon ang natukoy na unang katangian sa lapit at pagtrato sa paksa ng anyong iskolarli-historikal. Tunay namang may konteksto—historikal, kultural, at panlipunan—na humuhubog sa isang indibidwal, anupa’t hindi maaaring umunlad ang kaniyang buhay na hiwalay sa kaniyang kapaligiran at lipunang ginalawan. Mangyari pa, hinuhubog din ng

konteksto ang kaniyang kaisipan. Itinuturing naman ng ikalawang katangian ang paksa bilang isang aktor pangkasaysayan. Ayon kay Smith, ang ugat ng mga aksiyong politikal ay matatagpuan sa mga motibo, personalidad, at karakter ng mga susing indibidwal na aktor sa anomang pangkat ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan (295). Gayunman, dapat isaisip na ang mga pangyayaring ito ay hindi lapad o may iisang dimensiyon lamang. Mahalaga ring isaalang-alang ang mga taong pumapaligid sa kanila sa mga kompleks na pangyayaring panlipunan (Smith 295). Kung gayon, sa perspektibang historikal, ang pagsulat ng talambuhay ay pagtalunton din sa mga relasyon at interaksyon na bahagi pa rin ng konteksto ng paksa. Samakatwid, nakaambag ang pagsulat ng intelektuwal na talambuhay sa mas maiging rekonstruksiyon ng isang partikular na yugto ng kasaysayan. Tunay namang kapansin-pansin ang ikatlong katangian sa intelektuwal na talambuhay na ito sapagkat sa pagsisikap na siyasatin ang mga ideya ni Sibayan, nabungkal at muling naipakilala ang kaniyang mga naisulat na makabuluhan pa rin para sa mga kontemporaryong mambabasang Pilipino, lalong-lalo na sa mga tagapagtaguyod ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas.

Katulad din naman ng pinatunayan ng mananaliksik sa isa pang intelektuwal na talambuhay na kaniyang isinulat, ipinakikita ng pag-aaral na ito na si Sibayan at ang kaniyang mga ideya ay “hindi pasibong produkto ng panahon at lipunan, kundi nakikibahagi rin sa pagbabago at pagsulong ng lipunang iyon” (De Leon 5). Ito ang pinal na imaheng nais ipinta ng mananaliksik para kay Sibayan.

## MAIKLING TALAMBUHAY NI SIBAYAN

### *Kabataan at Edukasyon*

Noong 1 Pebrero 1916, ipinanganak si Bonifacio Padilla Sibayan sa Bangar, La Union (Gonzalez, “About the Author” xi). Noong siya’y pitong taong gulang, pinag-aral siya sa isang maliit na bahay-paaralan sa bayan ng Bakun sa rehiyon ng Cordillera (Sibayan 326). Sa katunayan, isa siya sa mga unang estudyante ng paaralang iyon. Lumaki ang batang si “Boni” sa isang payak na pamayanang agrikultural. Mababa pa sa sandaang pamilya ang bumubuo sa pamayanan kung saan naroroon ang kaniyang paaralan, at karamihan sa mga tao’y magsasaka at nag-aalaga ng

mga baboy at manok (Sibayan 326). Samantala, ang kaniyang ama naman ay isang opisyal ng gobyerno. Ayon kay Sibayan, maraming papel na ginagampanan ang kaniyang ama sa kanilang bayan—ingat-yaman, kalihim, punong kartero, at lokal na rehistrador (326). Nahubog din si Sibayan sa isang pamayanang multilingguwal. Ilokano ang unang wika ni Sibayan. Ito ang wikang ginagamit nila sa bahay ng kaniyang mga magulang at kapatid (Sibayan 327). Natuto rin siya ng Kankanaey, ang lokal na wika ng Bakun, sa pakikipag-usap niya sa kaniyang mga kalaro at kaklase (Sibayan 327). Sa loob ng silid-aralan, tinuruan naman sila ng Ingles, ang wika ng sistema ng pampublikong edukasyon ng mga Amerikano. Sa katunayan, ipinilit sa kanila ang banyagang wikang ito. Ayon kay Sibayan, Ingles lamang ang pinahihintulatang wika sa loob ng paaralan; pinarurusahan ang sinomang magsalita sa kaniyang katutubong wika (Sibayan 327). Bagama't Ilokano ang ginagamit na wika ng kaniyang pamilya sa loob ng tahanan, natuto rin siya ng Ingles mula sa kaniyang ama na isa sa iilan lamang na marunong mag-Ingles sa kanilang pamayanan. Ayon kay Sibayan, nabibilang ang kaniyang ama sa unang henerasyon ng mga Pilipinong nakakuha ng kaunting edukasyon sa mga pampublikong paaralan kung saan Ingles ang eksklusibong midyum ng pagtuturo (336). Isang rekisito ng kanilang ama ang matuto man lang sila ng limang bagong salitang Ingles kada araw na kanilang isinusulat sa isang kuwaderno (Sibayan 336). Kasa-kasama rin siya ng kaniyang ama sa tuwing nadedestino ito sa labas ng Bakun, kaya nagkaroon siya ng pagkakataong magamit ang natutuhan niyang Ingles (Sibayan 336).

Malinaw na kay Sibayan mula pagkabata ang pagnanais niyang maging isang guro. Nang magtapos sa ikapitong baitang noong 1929, pumasok si Sibayan sa kurikulum ng Secondary Normal School sa Mountain Province High School sa Baguio, at natapos niya ang kurso ng Secondary Normal School sa Trinidad, Benguet (Gonzalez, "About the Author" xi). Noo'y nagsimula na rin siyang magturo sa paaralang baryo. Noong 1940, nakuha niya ang diploma para sa pagtuturo ng elementarya sa Philippine Normal School (Gonzalez, "About the Author" xi). Una siyang naging interesado sa mga wika ng Pilipinas noong 1934 (Lamadrid 59). Nagtuloy-tuloy ang interes na ito hanggang sa noong 1950, natapos niya ang digring BSE Major in English noong 1950 bilang estudyanteng panggabi at part-time ng Baguio Colleges (Gonzalez, "About the Author" xi). Ang kaniyang

pagpapakadalubhasa sa pagiging guro, patikular na sa pagtuturo ng wika, ang nagbigay-daan sa mas malalim niyang interes sa pag-aaral ng lingguwistika. Noong 1954, nabigyan siya ng Fulbright Smith/Mundt Scholarship sa Northeast Missouri State College kung saan niya nakuha ang masterado sa Guidance and Counselling noong 1955 (Gonzalez, "About the Author" xi; Gonzalez, *Panagani* v). Noong 1958, nakakuha si Sibayan ng *fellowship* mula sa Philippine Center for Language Study upang kumuha ng masterado sa Second Language Teaching sa University of Michigan na natapos niya noong 1959 (Gonzalez, *Panagani* v). Pagkatapos nito, inirekomenda nina Clifford H. Prator ng University of California, Los Angeles (UCLA) at Boyd Compton ng Rockefeller Foundation na maging *fellow* siya ng Rockefeller Foundation para magpatuloy ng doktorado sa University of Michigan (Gonzalez, "About the Author" xi). Sa katunayan, malaki ang impluwensiya ni Prator sa pagiging lingguwista ni Sibayan. Noong 1950, inilathala ang *Language Teaching in the Philippines* na nagbunsod ng rebolusyonaryong pagbabago sa pagtuturo ng Ingles sa Pilipinas. Ipinakilala ng ulat na ito ang pagtuturo ng Ingles bilang ikalawang wika (*English as second language*) sapagkat bago ang paglalathala nito, itinuturo ang Ingles na para bang ito'y katutubong wika ng mga estudyanteng Pilipino (Sibayan 49). Ayon kay Sibayan, nahikayat siya sa lingguwistika noong 1950–1951 nang mabasa niya si Prator, at napagtanto niyang ginagamit sa Pilipinas ang isang banyagang wika para sa edukasyon ng mga Pilipino ngunit wala sa larangan ng edukasyon ang may kaalaman sa agham ng wika (Lamadrid 59). Noong 1961, natapos niya ang kaniyang doktorado sa lingguwistika at edukasyon sa University of Michigan (Gonzalez, *Panagani* v). Itinakda ng mga pangyayaring ito sa kaniyang buhay ang kaniyang di-maiiwasang pakikisangkot sa paghahanap ng solusyon sa mga suliraning pangwikang kinakaharap ng kaniyang bansa noon.

### *Propesyonal na Karera*

Naging makulay ang propesyonal na karera ni Sibayan sa loob ng silid-aralan bilang isang guro at sa labas nito bilang isang administrador. Mula sa pagiging guro ng paaralang baryo (1933–1935), paaralang primarya (1935–1937), at paaralang intermedyo (1937–1939), humawak siya ng iba't ibang administratibong posisyon mula sa pagiging

punongguro (1949–1951) at pandistritong superbisor (1951–1954), hanggang sa pagiging superbisor ng Teacher Training Department (1955–1956) at pangkalahatang superbisor ng tanggapan ng Instruction Division ng Bureau of Public Schools (1956–1958, 1961–1962) (Gonzalez, *Panagani* v). Masasabi namang ang malaking bahagi ng kaniyang propesyonal na buhay ay ginugol niya sa Philippine Normal College (PNC, ngayo’y Philippine Normal University). Naging kawaksing propesor siya (1962–1965) at sa kalauna’y propesor (1965–1981) at nanungkulan sa iba’t ibang posisyon: tagapagtatag at direktor ng Language Study Center (1962–1972), dekanong gradwadong paaralan (1967–1972), pangalawang pangulo (1971–1972) at sa kalauna’y pangulo ng pamantasan (1972–1981) (Gonzalez, *Panagani* v–vi). Sa palagay ni Dr. Emma Castillo, nailagay ang PNC sa mapa ng daigdig nang dahil sa sigasig ni Sibayan. Naging bisitang propesor din siya sa Department of English ng University of California, Los Angeles (1967–1968), sa pag-isponsor ng Ford Foundation (Sibayan 28). Noong 1981, hinirang siya ng PNC bilang *professor emeritus* ng lingguwistika at edukasyon (Gonzalez, *Panagani* vi).

Isa pang mahalagang bahagi ng kaniyang buhay-propesyonal at intelektuwal ang kaniyang pakikisangkot sa Linguistic Society of the Philippines (LSP). Isinilang ang LSP mula sa mga mithiin ni Sibayan at Ernesto Constantino (1930–2016) na isa ring kinikilalang lingguwista sa Pilipinas. Noong 1968, habang nagsasagawa ng kani-kaniyang pananaliksik sina Sibayan at Constantino sa Pacific and Asian Linguistics Institute ng University of Hawaii, napag-usapan nila ang pangangailangan sa isang samahan ng mga lingguwistang mag-aaral at maglalathala tungkol sa mga wika ng Pilipinas (Bautista, “The Linguistic Society” 45). Pagbalik niya sa Pilipinas, nagpatawag si Sibayan ng pulong sa PNC. Ilan sa mga naroon sa pulong sina Fe Otones, Edilberto Dagot, Jack Wigfield, at Tommy Anderson ng PNC, at sina Emy Pascasio, Gloria Chan–Yap, at Teodoro Llamzon ng Ateneo de Manila University (ADMU); wala si Constantino sa pulong sapagkat nasa Hawaii pa siya noon at sa kalauna’y nagpasyang hindi na sumali sa samahan (Bautista, “The Linguistic Society” 45). Pormal na itinatag ang LSP noong Hulyo 13, 1969, kung saan hinirang si Sibayan bilang pangalawang pangulo (Bautista, “The Linguistic Society” 45). Nanungkulan din siya bilang pangulo ng LSP mula 1973 hanggang 1985 at hinirang bilang *president emeritus* noong 1986

(Bautista, “The Linguistic Society” 46).

Naging instrumental na bahagi rin si Sibayan ng ADMU–PNC consortium para sa pag-aaral ng lingguwistika. Noong 1970, nagsimulang bumalangkas ng consortium ang ADMU at PNC na maghahandog ng programang doktorado sa lingguwistika, katuwang ang Ford Foundation at Asia Foundation (Bautista, “The Linguistic Society” 45). Maraming kilalang pangalan sa larangan ng lingguwistika at pagtuturo ng wika ang nagtapos sa ADMU–PNC consortium. Kabilang dito sina Gloria Chan, Ma. Lourdes Bautista, Casilda Luzares, at Teresita Rafael (Bernardo 2). Sa kalaunan, lumahok ang De La Salle University (DLSU) sa consortium, at naghandog ng doktorado sa bilingguwal na edukasyon ang ADMU–PNC–DLSU consortium (Bernardo 2). Nagsimulang magturo si Sibayan bilang propesor ng lingguwistika at pagtuturo ng wika sa consortium noong 1965 (Gonzalez, *Panagani* vi). Ayon kay Dr. Ma. Lourdes Bautista, si Sibayan ay isang *raconteur*—isang taong napakahusay magkuwento. Kapansin-pansin din daw ang mabigat na puntong Ilokano ni Sibayan kapag nagsasalita (Bautista; Batnag). Walang masyadong estruktura ang mga klase ni Sibayan; ang estilo niya sa pagtuturo, ani Dr. Bautista, ay “parang nagkukuwento lang.” Kilala rin si Sibayan bilang isang estriktong guro. Ayon kay Dr. Castillo, kinataakutan ng lahat si Sibayan sapagkat siya’y mahigpit, perpekسیونista, at laging nasa oras. Gayunman, sa labas ng silid-aralan, malapit na malapit si Sibayan sa kaniyang mga estudyante. Maraming pagkakataon na nagsasama-sama sila sa mga simpleng hapunan at pagdiriwang, at laging isinasangkot ni Sibayan ang kaniyang mga estudyante sa mga proyektong pananaliksik (Bautista; Castillo). Bukod sa mga gawaing akademiko, inalala rin ni Dr. Castillo na bumuo ng isang *photography club* si Sibayan para sa kaniyang mga estudyante na nagpapakita ng kaniyang hilig sa mga sining. Sa katunayan, nang magretiro siya noong 1981, ipinagpatuloy ni Sibayan ang pagiging isang pintor at eskultor (Gonzalez, *Panagani* iii).

Naging abala rin si Sibayan sa pagsasagawa ng mga sarbey na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa mga patakarang pangwika sa bansa. Sa katunayan, ang *Language Policy Survey of the Philippines* nina Sibayan at Otones na inilathala noong 1969 ay itinuturing na kauna-unahang pambansang sarbey sa paggamit ng wika at mga saloobing kaugnay ng wika na nilahukan ng 2379 magulang, 2342 guro, 1577 matanda, 194 tagaimprenta at tagapaglathala, at 130 operador ng

mga estasyon ng radyo, mula sa 254 pamayanan sa 21 rehiyon (Bautista, "A Survey" 94–95). Inendoso ito ng Board of National Education (BNE) na nagsabing gagamitin ang mga resulta ng sarbey bilang gabay sa pagpaplanong pangwika at batayan para sa ebalwasyon o mga epekto ng pagpaplanong pangwika sa hinaharap (Sibayan 126). Nagsagawa rin siya ng sarbey hinggil sa mga pananaw, paniniwala, opinyon, persepsiyon, at damdamin sa etnisidad, pagkakakilanlan, at wika noong 1978 at sarbey hinggil sa persepsiyon kaugnay ng wika at sosyo-ekonomikong pag-unlad noong 1979 (katuwang si Lorna Segovia) (Bautista, "A Survey" 97).

Isang susing personalidad din si Sibayan sa programa ng bilingguwal na edukasyon (BE) sa bansa na humubog sa lipunang Pilipino sa loob ng maraming dekada. Noong 1973, itinalaga si Sibayan, kasama sina Fe Otañes at Andrew Gonzalez, bilang kasapi ng Committee to Prepare Guidelines for the Implementation of the National Board of Education Policy on the Use of Pilipino and English as Media of Instruction, na bumuo sa Survey Committee for Bilingual Education (SCOB) upang magsagawa ng sarbey ng resorses para sa BE (Bautista, "The Linguistic Society" 48). Naipatupad ang programa ng BE sa buong bansa sa pamamagitan ng Department Order 25, s. 1974 batay sa mga resulta ng pag-aaral ng mga komiteng nabanggit. Kasama rin siya sa pangkat na binuo ng LSP para sa ebalwasyon ng implementasyon ng BE para sa panahong 1974–1985, na ang kabuuang ulat ay inilathala bilang *Evaluating Bilingual Education in the Philippines (1974–1985)*, isang monograp na pinamatnugutan nila ni Gonzalez (Bautista, "The Linguistic Society" 46–47). Natuklasan ng nasabing ebalwasyon na ang pagbaba sa iskor ng mga estudyante ng elementarya at sekondarya sa Pilipinas ay hindi sanhi ng BE, kundi sanhi ng di-sapat na kompetens ng mga guro, di-maayos na pangangasiwa sa mga paaralan, at kakulangan ng teksbuk at iba pang materyal sa pagkatuto (Bautista, "The Linguistic Society" 47). Maging ang bersiyon ng programa ng BE na ipinatupad noong 1987 ay resulta ng mga palihan na idinaos ng LSP at Ministry of Education, Culture, and Sports na nilahukan ni Sibayan (Bautista, "The Linguistic Society" 48).

Bukod sa pagiging guro at administrador ng PNC sa loob ng mahabang panahon, nagsilbi rin siya sa isa pang institusyon ng gobyerno, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Noong 1992, hinirang

si Sibayan bilang isang part-time commissioner ng KWF na kakatawan sa wikang Kankanaey at itinalaga rin bilang konsultant ng Dibisyon ng Lingguwistika (Batnag). Ayon kay Dr. Aurora Batnag na hepe ng nasabing dibisyon, bagama't walang dagdag na suweldo ang mga part-time commissioner, paminsan-minsang dumadalaw si Sibayan sa kanilang opisina upang magpayo at makipagkuwentuhan. Malaki ang impluwensiya ni Sibayan sa bisyon ng katatatag lamang na KWF hinggil sa pagpapaunlad ng wikang pambansa. Pinagtuunan ng pansin ni Sibayan ang isyu ng intelektuwalisasyon, at ang kaniyang mga mungkahi hinggil dito ay inangkop naman ng mga kasamahan niyang komisyoner (Batnag). Gayunman, hindi nanungkulan nang matagal si Sibayan sa KWF. Pagkatapos ng tatlong taon, natapos ang kaniyang kontrata at hindi na inirekomendang maitalagang muli sa posisyon (Batnag).

#### *Pagkilala at Pamana*

Kinilala sa loob at labas ng Pilipinas ang mga kontribusyon ni Sibayan sa larangan ng lingguwistika at pagtuturo ng wika. Noong 19 Agosto 1981, ginawaran siya ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP) ng parangal bilang isang tagaplano ng wika, guro, administrador at para sa kaniyang natatanging kontribusyon tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa (Gonzalez, *Panagani* vi). Noong 1984, sa pagdiriwang ng kaniyang ika-67 kaarawan, inilathala ng LSP ang *Panagani* bilang parangal kay Sibayan. Naglalaman ito ng mga sanaysay na isinulat ng kaniyang mga kasamahan at kaibigan sa loob at labas ng Pilipinas na mga kinikilalang pangalan sa larangan ng lingguwistika. Sa kaniyang talumpati noong paglulunsad ng *Panagani*, sinabi ni Gonzalez na si Sibayan ang paham ng mga *applied linguist* sa Pilipinas (*Panagani* 2). Dahil sa kaniyang kahusayan, hindi lamang bilang isang akademiko kundi bilang isang artista (pintor at eskultor), tinawag din siya ni Gonzalez na isang "Renaissance man" at isang taong unibersal ("*un uomo universale*") (*Panagani* 4). Noong 1990 naman, ginawaran siya ng Philippine Social Science Council (PSSC) ng National Social Scientist Award in Linguistics (UP–SWF at NCCA 377). Sa pagdiriwang naman ng kaniyang ika-75 kaarawan, inilunsad ng LSP ang Bonifacio P. Sibayan Distinguished Professorial Chair in Applied Linguistics noong 1991 (Bernardo 6). Iginagawad ito sa isang taong "naging bantog na guro, manunulat, iskolar, administrador ng paaralan at, higit

sa lahat, masigasig na tagapagtaguyod ng kahusayan ng Pilipino upang magsilbing buhay na huwaran para pamarisan ng kabataan” (“BPS Lectures”). Noong 1996, isa pang professorial chair ang inilunsad ng LSP, ang Br. Andrew B. Gonzalez FSC Distinguished Professorial Chair in Linguistics and Language Education, at si Sibayan ang kauna-unahang ginawaran nito (Bernardo 8).

Noong 28 Enero 2005, pumanaw si Sibayan sa edad na 88 matapos ang pakikipaglaban sa *stomach cancer* (Torrevillas). Gayunman, nananatiling buhay ang mga alaala at pamanang iniwan niya sa kaniyang pamilya, mga kaibigan, at mga naging kasamahan niya sa akademya. Bukod sa kaniyang mga pag-aaral, isa pang maituturing na pinakamahalagang kontribusyon ni Sibayan sa larangan ng lingguwistika ang impluwensiyang naiwan niya sa mga nakababatang iskolar na kaniyang nakadaupang-palad. Sa katunayan, ilan sa mga kilalang lingguwista na nabanggit sa maikling talambuhay na ito ay naging estudyante ni Sibayan. Naging estudyante ni Sibayan si Andrew Gonzalez, FSC sa PNC sa mga klaseng “Introduction to Linguistics” at “Morphology and Syntax” (Gonzalez, *Panagani* 2). Si Dr. Bautista naman ay naging estudyante ni Sibayan noong unang semestre ng akademikong taon 1971–1972 at *mentee* sa disertasyon. Si Dr. Castillo ay naging estudyante ni Sibayan mula sa kaniyang masterado sa PNC hanggang doktorado sa consortium ng PNC at ADMU. Isa rin si Sibayan sa mga humikayat kay Dr. Fe Otanes (Bautista). Kabilang din sa mga naging *advisee* ni Sibayan sa disertasyon sina Dr. Teresita Fortunato at Dr. Alfonso Santiago (Batnag; Lamadrid 59). Marami rin siyang mga nakababatang iskolar na tinulungang makakuha ng iskolarsyip upang makapag-aral sa ibang bansa (Lamadrid 59). Ayon kay Fishman, si Sibayan ay isa sa mga iskolar na tahimik na luminang sa “ubasan ng wika” hanggang umani ng mabubuti at maraming bunga (vii). Hindi maitatatwang tama ang mga tinuran ni Fishman.

## **MGA IDEYA NI SIBAYAN SA PAGAPLANONG PANGWIKAT AT BILINGGUWAL NA EDUKASYON**

### *Mga Ugat ng Suliraning Pangwika*

Bago talakayin ang mga ideya ni Sibayan sa pagpaplanong pangwika, nararapat lamang na

taluntunin ang nag-udyok sa kaniyang pasukin ang gawaing ito. Maraming iskolar na ang nagbigay ng kani-kaniyang pagpapakahulugan sa pagpaplanong pangwika at pagpapaliwanag sa mga hakbang kaugnay nito. Sa payak na paglalahad, ang pagpaplanong pangwika ay “isang organisadong paghahanap ng solusyon sa mga pambansang problema sa wika” (Fishman, sinipi sa Constantino 7). Paano nga ba dinalumat ni Sibayan ang suliraning pangwika ng kaniyang bansa? Bago sagutin ang katanungang ito, makatutulong sa puntong ito ang pagpapakilala sa mga konsepto ng “sentimental na katapatan” at “instrumental na katapatan” sa pambansang sistema.

Ayon kay Kelman, may dalawang mukha ang kapangyarihan ng wika: 1) maaari nitong mapagbuklod ang isang magkakaibang populasyon at mailahok ang mga indibidwal at maliliit na pangkat sa pambansang sistema at 2) maaari din naman itong maging batis ng pagkakawatak-watak at tunggalian sa loob ng pambansang sistema (21). Sa dalawang ito, iyong pangalawa ang nagpapahayag ng suliraning bunsod ng wika. Paano nangyayari ito? May dalawang uri ng katapatan sa pambansang sistema: ang sentimental at instrumental. Sentimental ang katapatan ng isang indibidwal sa pambansang sistema kung nakikita niya itong kumakatawan sa kaniya at sa pangkat ng taong kinaaangklahan ng kaniyang personal na pagkakakilanlan (Kelman 25). Simboliko ang kapangyarihan ng sentimental na katapatan. Isa sa mga ideolohikal na pagpapahayag nito ang komitment sa mga halagahing kultural na sumasalamín sa pambansang pagkakakilanlan (Kelman 24). Kung iuugnay sa wika, napagbuklod nito ang populasyon sa loob ng bansa kung nakikita ito bilang sagisag ng pambansang pagkakakilanlan. Instrumental naman ang katapatan ng isang indibidwal sa pambansang sistema kung nakikita niya itong nagbibigay ng organisasyon para sa maayos na lipunan kung saan maaaring makilahok ang mga indibidwal para sa kapakinabangan ng isa’t isa at magkaroon ng katiyakan na matatamo ang kanilang mga pangangailangan at interes (Kelman 25). May pagkapraktikal ang karakter ng katapatang ito. Kung iuugnay sa wika, napagbuklod nito ang populasyon sa loob ng bansa kung nagagamit itong instrumento upang matamo ang kanilang mga ekonomikong layunin.

Sa isang ideyal na sitwasyon, napagkakasundo ang dalawang katapatang ito. Gayunman, noong panahon ni Sibayan, nakita niya ang pagtutunggali ng

dalawang katapatang ito bunsod ng wika. May tatlong tanong na inilahad si Sibayan na para sa kaniya'y naglalarawan sa suliraning pangwika ng mga Pilipino ng kaniyang panahon at sa hinaharap: 1) paano nila matututuhan ang Ingles upang makibahagi sila sa kaalaman ng mundo na nasa wikang ito, 2) paano nila matututuhan ang Tagalog/Pilipino upang bilang isang sambayanan ay makapagsalita sila sa iisang wika at maiangkla ang kanilang pagkakakilanlan dito, at 3) paano nila mapananatili ang mga wika ng kanilang mga ninuno sa mga rehiyong kanilang pinanggalingan upang maunawaan ng kabataan ang mga nilalaman nitong kayamanan (1)? Ang tatlong tanong na ito ay nagpapahayag ng mga suliraning nag-uugat sa mga konsiderasyong instrumental (una) at sentimental (ikalawa at ikatlo).

#### **Instrumental na Ugat ng Suliraning Pangwika:**

Para kay Sibayan, may udyok na gamitin ng mga Pilipino ang Ingles sapagkat: 1) ito ang wika ng “mahahalagang larangan” sa lipunan, 2) mayroon itong ekonomikong kapakinabangan, at 3) nasusulat sa wikang ito ang kaalamang pandaigdig. Magkakaugnay ang mga instrumental na udyok na ito, katulad ng tatalakayin sa mga susunod na talata.

Isa sa mga mahahalagang kontribusyon ni Sibayan sa pagpaplanong pangwika ang konsepto ng mga larangang pangwika (*language domains*). Binubuo ng mga larangan ang isang lipunan—edukasyon, pamahalaan, aliwan, hukuman, relihiyon, kalakalan, at iba pa. Mangyari pa, sa bawat larangan ay may interaksyong nangyayari sa pagitan ng mga kasapi ng lipunan. Ang pangunahing behikulo ng interaksyong ito ay wika. Ayon kay Sibayan, ang wika at ang mga kagawiang pangwika ng mga tao ay itinatakda ng mga larangan—ibig sabihin, ang paggamit ng wika o ang impluwensiya nito sa mga tao ay itinatakda ng mga larangan kung saan ginagamit ang wikang iyon (242). Upang mas maunawaan ang konsepto ng larangang pangwika, ipinakilala ni Sibayan ang sumusunod na klasipikasyon: mahahalagang larangan (*controlling domains* [CD]), medyo mahahalagang larangan (*semi-controlling domains* [SCD]), at di-mahahalagang larangan (*non-controlling domains* [NCD]). Hindi ganoon kakitid ang mga kahingiang pangwika sa NCD at SCD. Sa mga NCD (e.g., tahanan at lingua franca), maaaring hindi nakasulat ang wika at maaaring gamitin ang kahit anong wika sa komunikasyon (Sibayan 481). Sa mga SCD (e.g., relihiyon at libangan) naman, hindi sapilitan ang pagsusulat, i.e., maaaring lumahok

ang isang tao kahit hindi siya marunong magsulat at magbasa nang maayos (Sibayan 481). Samantala, ang CD ay nangangailangan ng mabuti at wastong pagbasa at pagsulat (Sibayan 481). Kabilang sa mga CD ang: pamahalaan; lehislyasyon; hukuman, agham at teknolohiya; edukasyon mula batayan hanggang lalong mataas na edukasyon; mga propesyon; negosyo, komersiyo, at industriya, pangmadlang komunikasyon na kinabibilangan ng print, telebisyon, radyo, at Internet; panitikan at sining; at ugnayang pandaigdig (Sibayan 286). Nagbigay si Sibayan ng mga katangian ng CD: 1) idinidikta nito ang wika na kailangang pag-aralan at gamitin, 2) ang wikang ginagamit dito ay espesyalisado at marunong, 3) nangangailangan ito ng tiyak, tumpak, at ganap na mga salita, 4) ang kaalaman sa CD ay kumulatibo o naiipon, at 5) ang pagdami ng kaalaman sa CD ay mabilis (482). Ayon kay Sibayan, sa Pilipinas, ang pangunahing wika sa mga CD ay Ingles (287). Samantala, ang Filipino at iba pang katutubong wika ay malaganap namang ginagamit sa NCD at SCD. Ang mga obserbasyong ito ay may kagyat na implikasyon—na upang mas makalahok sa mga gawain ng mahahalagang institusyong panlipunan na bumubuo sa pambansang sistema at nagpapatakbo sa estado, instrumental/praktikal ang paggamit ng mga Pilipino sa Ingles.

Ayon kay Sibayan, bunga ito ng matagumpay na pagpaplanong pangwika ng mga Amerikano (243). Sa loob lamang ng ilang dekada, nakagawa ng malalim na ukit ang wikang Ingles sa lipunang Pilipino bunsod ng iba't ibang historikal na salik. Pangunahin na riyan ang sistema ng pampublikong edukasyon. Sa pagitan ng 1899 at 1902, nilayon ng pamahalaang militar ng mga Amerikano na supilin ang pag-aalsa ng mga Pilipino at panumbalikin ang kapayapaan sa buong kapuluan sa pamamagitan ng mga pampublikong paaralan (Rafael 44). Anupa't ang tanging wika ng pagtuturo sa mga Pilipino noon ay Ingles, at naranasan ito mismo ni Sibayan noong nag-aral siya ng elementarya sa Bakun. Maliit na bahagdan lang din (nasa 5%) ng populasyon ang bihasa sa Espanyol sa kabila ng higit tatlong siglong pananakop ng mga Espanyol (Rafael 44). Bukod dito, tinukoy pa ni Sibayan ang sumusunod bilang dahilan sa mabilis na pagpalit ng Ingles sa Espanyol bilang wika ng mga CD: 1) dinala ang mga gurong Amerikano sa Pilipinas, 2) inangat mula sa Estados Unidos ang mga libro at kagamitang panturong ginagamit sa mga paaralang Amerikano, at 3) intelektuwalisadong wika na ang Ingles noong

dumating ito sa Pilipinas kaya nagamit agad ito sa kahit anong asignatura sa sistema ng edukasyon mula elementarya hanggang sa pamantasan (243).

Kung Ingles ang dominanteng wika sa mga CD, masasabing Ingles din ang wika ng sosyo-ekonomikong mobilidad. Nabanggit na sa maikling talambuhay na noong 1969, inilathala ang *Language Policy Survey of the Philippines* nina Sibayan at Otones, ang kauna-unahang pambansang sarbey sa paggamit ng wika at mga saloobing kaugnay ng wika. Ayon sa naturang sarbey, mas gustong gamitin ng karamihan sa mga magulang at guro bilang midyum ng pagtuturo ang Ingles (Sibayan 109). Sa kabila iyan ng kanilang mga wikang bernakular at ang malaganap nang paggamit ng pambansang lingua franca (na mas ginagamit sa mga SCD at NCD). Para kay Sibayan, ipinahihiwatig nitong ang wika na magtitiyak ng pinakamalaking sukatan ng tagumpay, lalong-lalo na sa ekonomikong larangan ng buhay, ang pipiliin ng mga tao para sa edukasyon (110). Mangyari pa, sa isang bansang papaunlad pa lamang katulad ng Pilipinas, isang malaking konsiderasyon, kung hindi man pangunahin, ang pagkakaroon ng mas maginhawang buhay. Ayon kay Sibayan, sapagkat ito ang wika para sa mabuting edukasyon at magandang trabaho, ang wika para magkaroon ng mas magandang buhay ay Ingles (291). Nais matutuhan ng mga Pilipino ang Ingles sa dahilang praktikal—na mahalaga ito upang makakuha ng magandang trabaho. Hindi lamang iyan sa loob ng bansa, kundi maging sa labas ng bansa bilang mga overseas Filipino workers (OFWs). Noong dekada 80, sa harap ng pagtaas ng antas ng kawalan ng trabaho sa administrasyong Marcos, maraming Pilipino ang nangibang bansa upang masuportahan ang kanilang mga pamilya (Abinales at Amoroso 215). Sa panahon din naman ng mga administrasyong Aquino at Ramos, lubos na nakatulong sa ekonomiya ng bansa ang remitans mula sa mga OFW (Abinales at Amoroso 243-244). Sa kontekstong ito, kapaki-pakinabang ang kaalaman sa Ingles na isang pandaigdigang wika.

Hindi lamang pandaigdigang wika ang Ingles. Nabanggit na rin sa itaas na ang wikang Ingles, nang dumating sa Pilipinas, ay intelektuwalisado na. Ayon kay Sibayan, kabilang ang Ingles sa kategorya ng *intellectualized languages of wider communication* (ILWC), katulad ng Espanyol, Pranses, Ruso, at Aleman, na ginagamit sa mga CD ng kanilang mga bansa (287). Isang mahalagang katangian ng ILWC ay ang kakayahan nitong ipahayag sa anyong limbag ang lawas ng kaalaman ng daigdig (Sibayan 287). Dahil

dito, talagang nangibabaw ang Ingles sa edukasyon, partikular na sa mga kolehiyo't pamantasan na nagtuturo ng mas espesyalisado at teknikal na mga paksa. Ayon kay Sibayan, napilitan ang Pilipinong matuto sa wikang Ingles sapagkat hindi aksesible sa kaniyang sariling wika ang kaalaman ng daigdig (2). Hanggang walang mga orihinal na pananaliksik sa Filipino at salin sa Filipino ng mga depinitibong akda sa lahat ng disiplina, hindi matatakas ng mga Pilipino ang pangangailangan sa isang banyagang wika (Sibayan 203).

Sinabi ni Sibayan na marami sa kaniyang mga kaibigang makabayan ang hindi magugustuhan ang kaniyang mga pahayag hinggil sa katayuan ng Ingles at sa pangangailangan sa paggamit nito sa lipunang Pilipino, ngunit sinabi niyang ang mga ito'y mga pahayag ng katotohanan (203). May malaking implikasyon ito sa paggamit ng Filipino: hanggang hindi nakikita ng mga Pilipino ang instrumentalidad ng paggamit ng Filipino at iba pang katutubong wika, magpapatuloy ang pangingibabaw ng Ingles sa mga CD.

#### **Sentimental na Ugat ng Suliraning Pangwika:**

Sa kabila ng praktikalidad sa paggamit ng Ingles, may udyok din naman sa paggamit ng Filipino at mga bernakular. Pangunahin na rian ang kaugnayan ng wika at pagkakakilanlan. Sa mga susunod na talata, ipinakikita kung paano siniyasat ni Sibayan ang pagtanggap (at pati pagtangga) ng mga Pilipino sa Filipino dahil sa mga udyok na sentimental.

Kaugnay ng usapin ng pambansang pagkakakilanlan ang nasyonalismo, lalo na sa mga bansang naging kolonisado katulad ng Pilipinas. Maraming iskolar ang naglahad ng kani-kaniyang depinisyong nasyonalismo, ngunit ayon kay Constantino, tumutukoy ang karamihan ng mga depinisyong sumusunod na elemento: “ang pagkakaroon ng kamulatang pambansa, pambansang identidad, dimensiyong heograpikal, patriotismo, at pangangailangang aksiyon para sa lalong ikagagaling ng grupo o komunidad” (2). Mangyari pa, sa pagpapasidhi ng nasyonalismo, nakatutulong ang mga sagisag na sasalamín at magpapahayag ng kaisahan ng isang bansa. Para kay Sibayan, gumaganap din ang wikang pambansa sa ganitong papel—samantalang kailangan ang Ingles para sa mga ekonomikong oportunidad, kailangan naman ang Filipino sa paghahanap ng pagkakakilanlan, katulad ng watawat at pambansang awit bilang mga sagisag ng pambansang pagkakaisa (370). Sa sarbey

na isinagawa nila ni Otones noong 1969, natuklasan nilang karamihan sa mga magulang ay naniniwalang kailangang matutuhan at gamitin ang Filipino para sa mga dahilang makabayan at para maunawaan ang sariling kalinangan (Sibayan 112). Dahil dito, sinabi ni Sibayan na integral ang Filipino para sa mga mas abstraktong aspirasyon at layunin ng mga Pilipino (112). Nagbigay ng mga halimbawa si Sibayan ng paggamit sa Filipino para sa mga gampaning simboliko ng wika simula noong dekada 70: paggamit nito sa salapi, selyo, pasaporte, pangalan ng mga tanggapan ng pamahalaan, at pambansang awit (139). Iginigiit din ng Filipino ang sarili nito bilang sagisag ng pagkakakilanlan tuwing ginagamit ito ng mga Pilipino bilang pangunahing wika sa pakikipagtalastasan (Sibayan 141).

Sa kabilang banda, bagama't umiiral na ang Filipino bilang lingua franca sa bansa at nagiging lingguwistikong sagisag na ito ng pagkakakilanlan, naging sanhi pa rin ito ng tunggalian sa loob ng pambansang sistema. Isa sa mga tunggaliang ito ay nag-ugat sa multietnikong karakter ng bansa. Sa maraming yugto ng kasaysayan ng kilusang pangwika sa Pilipinas, isa sa mga nangibabaw na tema ang rehiyonalismo at pagtanggig ng mga di-Tagalog sa P/Filipino. Nakita ito noong 1971–1972 Kumbensiyong Konstitusyonal, kung saan lumitaw ang sentimyento ng maraming delegado na iginigiit sa mga Pilipino ang Tagalog sa pamamagitan ng wikang pambansang Pilipino (Sibayan 19). Ipinakikita nito ang katapatan ng mga Pilipino sa kani-kanilang wikang bernakular at kinabibilangang grupong etnolingguwistiko. Sa kanilang paningin, ang pagpapatanggap sa Pilipino bilang wikang pambansa ay pumapabor lamang sa iisang grupo ng tao sa loob ng pambansang sistema.

Dahil sa mga nabanggit na instrumental at sentimental na udyok, nasa ambivalenteng posisyon ang mga Pilipino. Ayon kay Sibayan, hinaharap ng Pilipino ang sumusunod na malalaking suliranin: 1) matutuhan ang Ingles bilang kaniyang wika ng agham at teknolohiya (at ibang pang gawain sa mga CD) at pandaigdigang wika, 2) matutuhan ang wikang pambansa upang mahanap niya ang kaniyang pagkakakilanlan at makalahok sa *mainstream* ng buhay-Pilipino, at 3) maging bihasa sa kaniyang wikang bernakular (kung hindi siya Tagalog) upang makasalo naman siya sa buhay ng kaniyang grupong etniko (1). Sa ibang paglalalahad, samantalang nakikita ng Pilipino ang instrumental na kahalagahan ng Ingles,

nakikita rin niya ang sentimental na kahalagahan ng wikang pambansa at kaniyang wikang bernakular. Para kay Sibayan, ito ang ugat ng suliraning pangwika sa Pilipinas.

**Bilingguwal na Edukasyon bilang Tulay sa pagitan ng mga Hangaring Instrumental at Sentimental:** Ayon kay Sibayan, mapagkakasundo ang mga kahingian ng etnisidad, nasyonalismo, at modernisasyon sa pamamagitan ng matalinong pagpaplanong pangwika (119). Sa mga patakarang pangwikang ipinatupad sa Pilipinas, naniwala si Sibayan na isa sa mga maituturing na tagumpay ng pagpaplanong pangwika ang programa ng bilingguwal na edukasyon (BE) (138–139). Sa katunayan, itinuring ni Sibayan ang kaniyang sarili bilang isa sa pinakamatatapat na tagapagtaguyod ng BE sa Pilipinas (326). Noong 1974, ipinatupad ang programa ng BE na may sumusunod na katangian: hiwalay na paggamit ng Pilipino at Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa mga partikular na asignatura mula unang baitang, paggamit ng bernakular bilang pantulong na midyum sa una at ikalawang baitang, pagtuturo ng Pilipino at Ingles bilang mga asignatura sa paaralang elementarya at sekundarya, at paggamit ng Arabe kung kinakailangan (Sibayan 339). Para kay Sibayan, ang BE ay nakikibahagi sa pagkakasundo ng mga instrumental at sentimental na hangarin ng mga Pilipino. Aniya, sa pamamagitan ng BE, bahagyang nagtagumpay ang mga Pilipino sa pagpapanatili ng kanilang mga katutubong pagkakakilanlan, pakikibahagi sa mainstream ng pambansang buhay sa pamamagitan ng Pilipino, at pakikilahok sa pandaigdigang komunidad sa pamamagitan ng Ingles na isang LWC (Sibayan 354). Para kay Sibayan, dapat ituring na isang bentaha sa halip na suliranin ang bilingguwalismo, lalong-lalo na't ito'y isang katotohanan at bahagi na ng lipunang Pilipino. Nabanggit na sa maikling talambuhay ang aktibong pakikilahok ni Sibayan sa pagbabalangkas, implementasyon, at ebalwasyon ng programa ng bilingguwal na edukasyon sa Pilipinas. Noong 1969–1970, naging bahagi si Sibayan ng Presidential Commission to Survey Philippine Education (PCSPE) na naatasang magsagawa ng masusing pag-aaral at asesment ng edukasyon sa Pilipinas at gumawa ng mga rekomendasyon para sa patakarang at implementasyon (Sibayan 117). Sa ulat ng PCSPE, sinabi nito na ang bilingguwalismo sa Pilipino at Ingles ay kapuwa katotohanan ng pambansang buhay sa Pilipinas at isang kanais-nais na kondisyon sa kontemporaryong mundo (Sibayan 117–118).

**Bilingguwal na Konteksto ng Pilipinas:** Mula noong lumitaw ang konsepto ng bilingguwal na edukasyon sa Pilipinas noong dekada 70, isa si Sibayan sa mga iskolar na masinsinang sumiyasat sa bilingguwal na konteksto ng Pilipinas. Ayon kay Sibayan, makatutulong bilang bakgawnd ng programang BE ang paglalarawan sa mga tradisyon ng bilingguwalismo sa Pilipinas (340). Tatlong tradisyon ang tinukoy ni Sibayan: 1) bilingguwalismo sa mga bernakular, 2) bilingguwalismo sa isang banyagang wika at isang wika sa Pilipinas, at 3) nasyonalistikong bilingguwalismo. Sa loob ng bawat tradisyon na ito ay may mas maliliit na grupo. Ayon kay Sibayan, ang unang tradisyon ay may dalawang anyo: 1) bilingguwalismo sa rehiyonal na lingua franca (e.g., Ilocano, Cebuano, Tagalog) at isang pangunahin o di-pangunahing wika at 2) bilingguwalismo sa dalawang wika sa Pilipinas (e.g., Pampango at Pangasinan) (340–341). Ang ikalawang tradisyon naman ay mayroon ding dalawang anyo: 1) bilingguwalismo sa isang wika ng Pilipinas at Espanyol (*restricted*; kakaunti lamang ang may akses) at 2) bilingguwalismo sa isang wika ng Pilipinas at Ingles (demokratiko; may akses ang karamihan) (Sibayan 341). Ang ikatlong tradisyon naman ay may dalawang landas: 1) ang pagbubuo ng isang wikang pambansang ipapalit sa Ingles at 2) bilingguwalismo sa Pilipino at Ingles (tinawag niyang *reconciliation bilingualism*) (Sibayan 341). Sa mga tradisyong ito, malinaw na ang kinilingan ni Sibayan at ng PCSPE ay ang *reconciliation bilingualism*.

Tinalakay rin ni Sibayan ang mga suliraning kaakibat ng kasanayan sa iisang wika lamang. Inilarawan ni Sibayan ang “pitong letrado” (“*seven literates*”): 1) letrado lamang sa Ingles, 2) letrado lamang sa Koreano o Hapon, 3) letrado lamang sa Filipino, 4) letrado lamang sa Ilocano o Cebuano, 5) letrado lamang sa Waray, 6) letrado lamang sa Kankanaey, at 7) letrado lamang sa Tuwali (287–290). Nabanggit na nga sa mga naunang talata na ang Ingles ay isang ILWC. Sa unang tingin, maaaring isiping ideyal na maging letrado lamang kahit sa isang wikang intelektuwalisado sapagkat magkakaroon ang isang indibidwal ng akses sa kaalaman ng mundo. Gayunman, ayon kay Sibayan, magkakaroon naman siya ng suliranin sa pagbasa at pagsulat sa kaniyang katutubong wika (287). Nabibilang naman ang Koreano at Hapon sa kategorya ng *confined intellectualized national language* (CINL) na malawakang ginagamit sa loob ng bansa bilang wika sa mga CD (Sibayan

288). Gayunman, hindi ginagamit ang isang CINL sa ugnayang panlabas at karaniwang dumedepende pa rin ang mga bansang gumagamit nito sa isang ILWC para sa mga pinakabagong kaalaman, lalong-lalo na sa agham at teknolohiya (Sibayan 288). Ang wikang Filipino naman ay isang pambansang wikang nasa landas ng ganap ng intelektuwalisasyon (Sibayan 288). Nasabi na ngang hindi pa nagagamit sa mga CD ang Filipino. May malaking implikasyon ito sa edukasyon: ang Pilipinong letrado lamang sa Filipino ay hindi makakukuha ng kompletong edukasyon hanggang kolehiyo at kahit pa nga hayskul (Sibayan 288). Dahil nga hindi pa ganap na intelektuwalisado, Ingles pa rin ang nangingibabaw lalo na sa pagtuturo at pagkatuto ng mga espesyalisado at teknikal na paksa. Kakaunti lang din ang mga babasahin sa Filipino, maliban na lamang sa panitikan kung saan maituturing na maunlad ang Filipino (Sibayan 288). Nabibilang naman sa kategorya ng *in-country trade languages* ang Ilocano at Cebuano na sinasalita bilang ikalawang wika ng mga ispiker ng maliliit na wikang katutubo (Sibayan 289). Kung kakaunti ang kagamitang pang-edukasyon na nasusulat sa Filipino, lalo’t higit sa mga *in-country trade languages* (Sibayan 289). Dahil dito, magkakaroon din ng suliranin sa pagkuha ng kompletong edukasyon ang isang Pilipinong letrado lamang sa gayong wika. Mangyari pa, ganyan din ang kaso kung letrado lamang ang isang tao sa isang pangunahing wika (e.g., Waray) o isang di-pangunahing wika (e.g., Kankanaey at Tuwali). Pinagtitibay lamang ng mga pahayag na ito ang paniniwala ni Sibayan hinggil sa kapakinabangan ng bilingguwalismo, partikular na ang *reconciliation bilingualism* sa Ingles at Pilipino, kasama ng mga wikang bernakular bilang katuwang.

**Pagtuturo ng Ingles bilang Ikalawang Wika:** Paano naman dapat ituro ang Ingles? Sa simula pa lamang ng kolonyalismong Amerikano, malawakan nang itinuro ang Ingles sa mga Pilipino. Gayunman, itinuro noon ang Ingles na para bang ito’y katutubong wika ng mga Pilipino (Sibayan 42). Ang mga unang guro at ang mga kagamitang panturo tulad ng mga teksbuk ay nagmula lahat sa Estados Unidos, kaya nakahulma sa kagawian at perspektibang Amerikano ang pagtuturo. Minana naman ito ng mga naunang henerasyon ng mga Pilipinong guro ng Ingles. Ayon kay Sibayan, ang pagtuturo ng Amerikanong barayti ng Ingles sa mga Pilipino ay problematiko sapagkat: 1) maaari itong bumangga sa makabayang damdamin, 2) maaari nitong muling buhayin ang mga alaala ng

kolonyal na nakaraan, 3) nangangahulugan itong isasantabi ang di-katutubong barayti na katanggap-tanggap naman sa Ingles, at 4) halos imposibleng makakuha ng mga modelong katutubong ispiker para sa malalaking populasyong nag-aaral ng ikalawang wika (383). Noong 1950, nagsimulang magbago ang pananaw ng mga Pilipinong guro sa pagtuturo ng Ingles nang mailathala ang ulat ni Clifford H. Prator hinggil sa pagtuturo ng wika sa Pilipinas na nagpakilala sa konsepto ng *second language teaching* (SLT) sa edukasyong Pilipino (Sibayan 49). Gumagamit ang SLT ng mga kaalamang lingguwistiko at nag-uudyok sa mas makaagham na pagkaunawa sa unang (katutubong) wika ng mag-aaral at sa ikalawang (banyagang) wika (Sibayan 49). Dahil dito, nagsimulang isulat ng mga Pilipino para sa mga estudyanteng Pilipino ang mga kagamitang panturo mula sa pananaw ng ikalawang wika, umusbong ang mga orihinal na teknik sa SLT, nagkaroon ng mga gurong Pilipino na nagsasalita ng Ingles bilang ikalawang wika, at naging magkakaagapay ang Ingles, wikang pambansa, at mga bernakular sa edukasyong Pilipino (Sibayan 52). Ayon kay Sibayan, nang dahil sa pag-unlad ng SLT sa Pilipinas, marami ang nahikayat sa pag-aaral ng lingguwistika at pananaliksik bilang mga instrumento sa pagtuturo ng wika (13). Sa katunayan, katulad ng nabanggit sa maikling talambuhay, isa si Sibayan sa mga taong ito.

**Philippine English:** Kaugnay ng pagtuturo sa Ingles bilang *second language* (2L) ang pagsasaalang-alang sa barayti ng Ingles sa Pilipinas. Ayon kay Sibayan, sa simula pa lamang, hindi na maiiwasan ang *Philippine English* (244). Isa itong barayting 2L na nadebelop sa isang kapaligirang di-Ingles katulad ng Pilipinas. Tinawag ni Sibayan ang mga ganitong barayti bilang *accommodation varieties* sapagkat kapuwa naiimpluwensiyahan ng unang wika (katutubong wika) at ikalawang wika (banyagang wika) ang isa't isa—naaangkop ng barayting 2L ang ilan sa mga katangian ng katutubong wika, at naaangkop naman ng ispiker ng 2L ang ilang intonasyong halos pumaparis na sa katutubong Ingles (382). Sa kaso ng Pilipinas, ang mga permanenteng katangian ng *Philippine English* ay ang mga Pilipinong tunog na inihahalili sa mga tunog na Ingles (Sibayan 244). Bilang isang guro ng Ingles, naobserbahan mismo ito ni Sibayan sa kaniyang mga estudyante. Ayon kay Sibayan, may mga pagkakataong nadedesmaya siya sa tuwing nagtuturo sa mga bata kung ano ang pagkakaiba sa mga

salitang *cat*, *cot*, at *cut* (257). Ganyan din marahil ang naramdaman ng iba pang Pilipinong guro ng Ingles. Mangyari pa, itinuring ng marami ang ganitong barayti bilang aberasyon ng Ingles. Gayunman, hindi ito sa Pilipinas lamang nangyayari sapagkat isang realidad na ang mga tinatawag na “Third World Englishes” (Pride, sinipi sa Sibayan 245). Nabanggit na sa sinusundang talata na problematiko ang pagtuturo ng Amerikanong barayti ng Ingles sa mga Pilipino, kaya kailangang isaalang-alang ang pagtuturo ng *Philippine English*. Sa kabilang banda, sinabi ni Sibayan na kung ito ang gagamiting modelo para sa pagtuturo at pagkatuto, maraming trabaho ang kailangang gawin, at pangunahin na riyan ang masinsinang lingguwistiko at pedagohikong deskripsiyon ng *Philippine English* (383). Kailangan itong pag-aralan sapagkat kung hindi alam ng Pilipinong guro kung ano ito, hindi niya ito magagawang ituro (Sibayan 443). Mahalaga para sa pagsisikap na ito ang pagsulat ng isang diksiyonaryong naglalaman ng istandard (British o American) na kahulugan at pagbigkas ng isang salita at ang baryant nito sa 2L na may pagbabago sa kahulugan at pagbigkas (Sibayan 383).

**Taglish:** Sa pagtatakda sa Ingles bilang wikang panturo sa agham at matematika at sa Pilipino sa iba pang mga asignatura, inakala noon na ang dalawang wika ay mapananatili bilang magkahiwalay na mga koda, ngunit ang implementasyon ng BE ay nagresulta sa paghahalo ng Ingles at Pilipino na kilala bilang Taglish (Sibayan 384). Tutol ang ilan sa Taglish, partikular na ang mga magulang at mga awtoridad ng paaralan, sapagkat nakita nila ito bilang tanda ng deteryorasyon ng Ingles at mababang kompetensiya ng mga mag-aaral sa Ingles at Pilipino (Sibayan 384). Nagreklamo rin ang mga guro na hindi kayang magpaliwanag nang mabuti ang mga estudyante sa Ingles o Pilipino (Sibayan 113). Sa kabila nito, nakitaan naman ni Sibayan ng mga positibong aspekto ang paglaganap ng Taglish. Sa katunayan, tinaya niyang ang magiging pangunahing barayti ng Filipino sa hinaharap ay intelektuwalisadong Taglish (Sibayan 245). Ipinaliwanag din ni Sibayan na ang paghahalo ng Ingles at P/Filipino ay natural. Ayon sa kaniya, kapag ang dalawang wika ay opisyal na kinilala at ginamit sa mga paaralan, hindi maiiwasan ang code-switching sa pasalitang anyo (Sibayan 245). Naging daan din ang paghahalo ng wika upang mas maipahayag ng mga estudyante ang kanilang mga sarili. Bagama't karaniwang nasusulat sa Ingles ang mga materyal at

isinasagawa sa Ingles ang pagbasa, pinahihintulutan naman tuwing diskusyon ang paggamit ng Ingles, Pilipino, at maging bernakular (Sibayan 113). Iniugnay din ni Sibayan ang paglaganap ng Taglish sa nasyonalismo. Matatandaan na ang dekada 70 ay panahon ng aktibismo laban sa pamamahala ni Pangulong Ferdinand Marcos. Naglabasan sa mga lansangan ang mga estudyante na naglarawan kay Marcos bilang papet ng imperyalistang Amerikano, piyudalismo, at burukratang kapitalismo (Bello et al., sinipi sa Abinales at Amoroso 202). Sa obserbasyon ni Guerrero–Nakpil, ang retorika ng rebolusyon na makikita sa mga plakard at talumpati ng mga estudyanteng aktibista ay gumamit ng isang bago at maluwag na wika, isang wikang halinhinang Tagalog ng mga lansangan ng Maynila at Ingles ng akademya (sinipi sa Sibayan 128). Sa palagay ni Sibayan, sa paggamit ng pinaghalong wika, nararamdaman ng Pilipino ang lingguwistikong kalayaan na palatandaan ng kultural na nasyonalismo (221). Ang umusbong na nasyonalismo noong dekada 70, ayon kay Sibayan, ay liberal at hindi naggiit ng puristikong Pilipino (221). Gayunman, isang negatibong aspekto na tinukoy ni Sibayan hinggil sa paglaganap ng Taglish ang pagpapahintulot ng mga Pilipino sa maraming uri ng *interference* (epektong ng unang wika sa ikalawa) hindi lamang sa ponolohikal na lebel kundi maging sa gramatikal at leksikal (408). Nagresulta ito sa pagdebelp ng hindi balanseng bilingguwalismo sa Ingles at Filipino. Ayon kay Sibayan, karamihan sa mga Pilipino ay naging *subordinate bilingual* (408). Isa sa mga katangian ng *subordinate bilingualism* ang pangangailangan sa pagpapakahulugan ng mga salita ng ikalawang wika sa pamamagitan ng mga salita sa unang wika (Li 69).

**Mga Suliranin ng Bilingguwal na Edukasyon:** Bagama't isa si Sibayan sa mga nakilahok sa pagbabalangkas ng programa ng BE, pinuna niya rin ang mga suliranin sa implementasyon nito. Natalakay na sa itaas ang ilan dito, kabilang na ang kakulangan ng pag-aaral hinggil sa Philippine English, ang paglaganap ng Taglish na nagresulta sa subordinate bilingualism, at ang pananaw ng ilang sektor hinggil sa pakikibahagi ng BE sa deteryorasyon ng edukasyon sa Pilipinas. Bukod sa mga ito, ilan pa sa mga tinukoy na suliranin ni Sibayan ang: 1) kakulangan ng kompetensiya ng mga guro at administrador ng paaralan, 2) kakulangan sa mga kagamitang panturo, 3) mga di-pagkakapantay-pantay sa mga rehiyong di-Tagalog, 4) pagtuturo ng

guro ng wika ng Ingles o Filipino para sa pagkatuto ng asignaturang pangnilalaman, at 5) kakulangan ng *pedagogical idiom* sa Filipino.

Kabilang sa mga estratehiya sa mabisang implementasyon ng BE ang pagsasanay sa mga guro at superbisor sa Ingles at Pilipino at ang masusing pagsulat at malawakang produksiyon ng mga kagamitang panturo tulad ng mga teksbuk (Sibayan 352–353). Gayunman, sa pagsisiyasat na isinagawa nina Sibayan at Gonzalez sa BE noong 1988, natuklasan nila ang magkakaibang sitwasyon sa mga paaralan sa Pilipinas na nagresulta sa magkakaibang antas ng pagkatuto sa Ingles at Filipino. Sa mahuhusay na paaralang may mga kompetenteng guro, superbisor, at administrador at may sapat na mga kagamitang panturo at pasilidad, natuto nang mabuti sa parehong Ingles at Filipino ang mga estudyante, samantalang mahina naman sa Ingles at Filipino ang mga estudyanteng nasa mga paaralang may mga inkompetenteng guro, nakakukuha ng salat na superbisyon at tulong mula sa mga superbisor, at may kakulangan sa mga kagamitang panturo at pasilidad (Sibayan et al., sinipi sa Sibayan 256).

Napansin din ni Sibayan ang mga di-pagkakapantay-pantay na resulta ng BE lalo na sa mga rehiyong hindi Tagalog ang katutubong wika. Una, ang mga estudyante sa mga rehiyong ito ay kailangang matuto ng dalawang 2L—Filipino at Ingles. Kaiba ito sa sitwasyon ng mga estudyante sa mga rehiyong Tagalog sapagkat nakabatay sa Tagalog ang malaking bahagi ng wikang pambansa. Ayon kay Sibayan, mahirap maging bihasa sa dalawang 2L kahit pa ang isa rito ay may pagkakatulad sa unang wika ng estudyante (373). Nakikikompetensiya rin ang Filipino sa katapatan ng mga estudyante sa kanilang mga unang wika na naging sanhi ng suliranin sa pagpapatanggap nito (Sibayan 373). Ikalawa, malayo ang kanilang lugar sa mga sentrong bilingguwal katulad ng Maynila, kaya walang komunidad pangwika at midyang aagapay sa pagkatuto nila ng Filipino sa labas ng paaralan (Sibayan 373). Ikatlo, hindi pantay-pantay ang kalidad ng mga paaralan, pasilidad, at guro sa Pilipinas, katulad ng natalakay na sinusundang talata (Sibayan 374).

Pinuna rin ni Sibayan ang praktis ng pagtuturo ng mga guro ng wika ng Ingles o Filipino upang magamit ng mga estudyante ang kanilang kaalaman sa wika sa pagkatuto ng mga paksa sa mga asignaturang pangnilalaman katulad ng agham, matematika, kasaysayan, heograpiya, araling panlipunan, at iba pa (442). Inaasahan din ang mga guro ng Ingles,

halimbawa, na mapasulat ang kanilang mga estudyante ng mga papel sa agham at itama ang mga papel na ito (Sibayan 395). Para kay Sibayan, ang tungkulin ng guro ng wika ay pagtuturo ng mahusay na tula, dula, nobela, sanaysay, gramatika, pagbabalangkas, pagbubuod, pagsulat, paggamit ng diksyonaryo at tesauro, at iba pa (442). Ang dapat magturo ng wika ng mga asignaturang pangnilalaman ay ang gurong nagmedyor sa mga asignaturang ito. Halimbawa, iyong guro ng pisika ang dapat magturo sa pisika gamit ang rehistro ng pisika (Sibayan 442).

Kaugnay ng suliraning inilarawan sa itaas ang kakulangan ng pedagogical idiom sa Filipino upang magamit ito sa pagtuturo ng mga asignaturang pangnilalaman. Kaugnay ng BE, inirekomenda ng Congressional Commission on Education (EDCOM) sa ulat nito noong 1991 na unti-unting gawing pangunahing wikang panturo ang Filipino sa elementarya at hayskul hanggang sa naituturo na sa Filipino ang lahat ng asignatura maliban sa Ingles (Sibayan 208). Maraming suliraning nakita si Sibayan sa mithiing ito, kabilang na ang kakulangan ng politikal na determinasyon at pagpopondo, ang pagtanggap ng ilang populasyon sa paggamit ng Filipino, ang suliranin sa paghahanap ng trabaho bunsod ng pananatili ng Ingles bilang pangunahing wika sa komersiyo at industriya, at agham at teknolohiya, at ang muling pagtuturo at pagsasanay sa napakaraming gurong Pilipino hinggil sa kung paano ituturo sa Filipino ang mga asignaturang pangnilalaman na nakasanayan nilang ituro sa Ingles (207). Mangyari pa, kinakailangan din ang bagong rehistro sa pagtuturo gamit ang Filipino. Sa katunayan, noong 1967 pa lamang, natuklasan ng isang pag-aaral (kilala bilang “Rizal Experiment”) na mas natuto ng nilalaman ang mga estudyante mula sa mga kagamitang nasusulat sa Ingles kaysa Filipino (Sibayan 251). Makaraan ang dalawang dekada, napag-alaman na ang mga kagamitang nasusulat noon sa Ingles ay intelektuwalisado samantalang ang mga kagamitang nasusulat sa Filipino ay hindi sapagkat hindi pa intelektuwalisado ang rehistro sa Filipino sa mga asignaturang itinuturo sa Filipino (Sibayan 252). Dahil dito, itinaguyod ni Sibayan ang pagkakaroon ng tinawag niyang pedagogical idiom sa Filipino. Itinuturing ito bilang isa sa mahahalagang kontribusyon ni Sibayan sa metodolohiya ng pagtuturo (Lamadrid 59). Ayon kay Sibayan, ang pedagogical idiom ay: 1) binubuo ng angkop na nilalaman ng mga asignatura para sa bawat baitang o edad ng mga estudyante,

mga kaakibat na metodo o estilo ng pagtuturo, at mga angkop na panuto sa mga guro; 2) nagbibigay-daan sa pagtatakda ng isang partikular na paksa para sa iba’t ibang baitang o lebel ng mga estudyante sa sistema ng edukasyon; at 3) binubuo ng mga kalipikadong materyal na may mga angkop na teksto at mga materyal na suplementarya at sanggunian, metodo ng pagtuturo, pagsusulit at ebalwasyon, at iba pa (208). Dagdag pa ni Sibayan, upang makabuo ng pedagogical idiom sa Filipino, kinakailangan ang isang pangkat ng maaalam na manunulat sa lahat ng asignatura sa Filipino, isang masigla at responsibong industriya ng paglalathala, malaking halaga ng salapi, at iba pa (208). Noong panahon ni Sibayan, masasabing wala pang pedagogical idiom sa Filipino, kaya nanatili ang Ingles bilang pangunahing wikang panturo para sa mga asignaturang pangnilalaman.

**Pagpaplanong Pangwika tungo sa Intelektuwalisasyon ng Filipino**

Hanggang sa puntong ito ng papel, makikitang nakakiling si Sibayan sa patuloy na paggamit ng Ingles, ngunit ito’y dahil sa sirkunstansiyang hindi pa kaya ng Filipino na makaganap bilang wika sa mga CD (i.e., hindi pa ito intelektuwalisado), lalo na noong kaniyang panahon. Hindi ito nangangahulugang hindi na kailanman mapapalitan ng Filipino ang Ingles sa mahahalagang larangan ng lipunan. Sa katunayan, isa si Sibayan sa maituturing na haligi sa pagtataguyod ng intelektuwalisasyon ng Filipino sa pamamagitan ng pagpaplanong pangwika. Ayon kay Sibayan:

Iminumungkahi ko na dapat pag-ukulan ng pag-aaral ng mga tagapagtaguyod ng Filipino ang larangan ng karunungan na nauukol sa Language Planning. Napakahirap intindihan ang paksang intelektuwalisasyon ng Filipino kung hindi natin alam ang iba’t ibang bahagi at kuntal-buntal o detalye ng Language Planning. (484)

Maaaring tanungin: kung napakikinabangan ang Ingles para sa mga gawain sa CD habang nagagamit pa rin ang Filipino para sa mas simbolikong funsiyon, i.e., napagkakasundo ng bilingguwalismo ang mga instrumental at sentimental na hangarin ng mga Pilipino, bakit kailangan pa ang intelektuwalisasyon ng Filipino? Ngunit maaari din namang tanungin: hindi ba nanaisin ng mga Pilipino na ang kanilang wikang pambansa ay nakagaganap kapuwa sa instrumental at sentimental na aspekto ng kanilang buhay panlipunan?

Ayon kay Sibayan, samantalang maraming Pilipino ang nakakikita sa halaga ng Ingles sa kanilang pambansang buhay, napagtatanto rin ng mga Pilipinong ito na hindi magiging pangunahing wika ng mga tao ang Ingles sapagkat ang mabuting edukasyon sa Ingles ay makukuha lamang sa lalong mataas na edukasyon (447). Dahil maraming Pilipino ang hindi nakatutuntong sa pamantasan, maraming Pilipino rin ang hindi mapagkakalooban ng kasanayan sa mahusay na Ingles. Para kay Sibayan, may wikang makabubuti para sa nakararaming Pilipino—ang wikang iyon ay walang iba kundi Filipino (447). Ito ang nag-uudyok sa mga Pilipinong mithiin ang intelektuwalisasyon ng kanilang wikang pambansa.

**Kahulugan ng Intelektuwalisasyon:** Ilan sa mga katangian ng intelektuwalisadong wika ay pahapyaw nang natalakay sa mga naunang bahagi ng papel: 1) nakagaganap ito bilang pangunahing wika sa mga CD, 2) nagagawang maimbak sa wikang ito ang lawas ng kaalaman ng daigdig sa anyong pasulat, at 3) nakakukuha ng kompletong edukasyon sa pamamagitan ng wikang ito. Para kay Sibayan, ang pangunahing katangian ng isang intelektuwalisadong wika ay ang ikatlo. Paliwanag niya:

[Ang isang intelektuwalisadong wika ay] *isang wikang maaaring gamitin upang magbigay (o makakuha) ng kumpletong edukasyon mula kindergarten hanggang sa pamantasan. Ang kritikal na bahagi ng depinisyon ito ay ang kakayahan ng intelektuwalisadong wika na magamit para sa pagtuturo ng lahat ng asignatura sa lahat ng disiplina sa pamantasan. Gamit ang intelektuwalisadong wika, nakapagtuturo (o natututo) ang isang indibidwal o nagkakaron ng akses sa anomang asignatura o sangay ng kaalaman sa lahat ng disiplinang nalalaman ng tao sa kasalukuyan at iyong malalaman pa lamang.* (Sibayan 461, pinanatili ang orihinal na diin; akin ang salin).

Kung nagagamit ang isang wika sa funsiyong ito, ibig sabihin’y may lawas ng mga sulatin sa lahat ng disiplina sa wikang ito. Ayon kay Sibayan, ang isang intelektuwalisadong wika ay nakasulat; ibig sabihin: 1) ang kaalaman ng nakaraan sa lahat ng asignatura ay maaakses sa anyo ng mga rekord tulad ng mga libro, monograp, dyornal, pamplet, film, kompyuter, at iba pa; 2) ang kasalukuyang kaalaman ay maaaring irekord sa wikang iyon; at 3) anomang kaalaman sa hinaharap

ay maaaring isulat gamit ang wikang iyon (461). Hindi kontento si Sibayan na ang Filipino ay sinasalita lamang ng karamihan sa mga Pilipino. Tinuligsa niya ang mga nasyonalistang naniniwalang sapagkat malaganap nang ginagamit ang Filipino, maaari na itong gamitin sa pagtuturo ng anomang asignatura maging sa pamantasan (Sibayan 464). Para kay Sibayan, ang paniniwalang ito ay mali at kailangang abandonahin (475). Matibay ang paninindigan ni Sibayan: “Kung walang nakasulat sa Filipino sa mga iba’t ibang asignatura, hanggang kailanman hindi pwedeng gamitin ang Filipino na panturo sa mga disiplinang teknikal, atbp” (464). Sa karanasan ng Pilipinas, naging masalimuot ang pagdedebelop ng anyong pasulat ng wikang pambansa. Bukod sa mga usaping pinansiyal at lohistik, isa sa mga suliranin sa pagsisikap na ito ang mga pagtatalo ng mga purista at kontra-purista na nag-ugat sa ortograpiya ng wikang pambansa at pagbabaybay ng mga hiram na salita (Sibayan 9). Nais ng mga puristang panatilihin ang katapatan sa Tagalog sa alpabeto (“abakada”) at sa panghihiram ng mga salita sa pamamagitan ng pag-iimbento ng mga bagong salita batay sa mga katagang Tagalog o muling pagbabaybay ng mga banyagang salita ayon sa ortograpiyang Tagalog, habang nais naman ng mga kontra-purista na panatilihin na lamang ang orihinal na baybay ng mga banyagang salita (Sibayan 10).

Kabilang din sa mga gawain ng intelektuwalisasyon ang pagpapalit ng wika (*language replacement*). Mahalagang konsiderasyon sa pagpapalit ng wika ang larangan kung saan mangyayari ang pagpapalit. Sa larangan ng lingua franca na isang NCD, naging madali ang pagpapalit ng wika mula Ingles patungong Filipino sapagkat nangangailangan lamang ito ng pagsasalita, at hindi naman ganoon kataas ang istandard ng pagtanggap sa pasalitang anyo ng wika (Sibayan 317). Gayunman, ayon kay Sibayan, hindi ganap na madedebelop ang Filipino kung hindi nito mapapalitan ang Ingles sa mga CD (297). Dahil mabigat ang pagpapahalagang ibinibigay ng mga CD sa pasulat na anyo ng wika, hindi madaling agad-agad na mapalitan ng Filipino ang Ingles sa mga larangang ito. Kabilang sa mga gawain ng pagpapalit ng wika mula Ingles patungong Filipino ang: 1) pagkatuto ng mga populasyon sa larangang pangwika kung paano salitain, basahin, at sulatin ang Filipino, 2) pagpapalit ng mga rekord na nakasulat sa Ingles, at 3) pagpapatanggap ng Filipino sa mga taong edukado sa Ingles tulad ng mga propesyonal (Sibayan 232). Ayon kay Sibayan,

ang gawaing ito ay nangangailangan ng panahon, pera, pagsisikap, mga iskolar, mga aklat, at iba pang talaan/imbakan ng impormasyon (306).

### **Mga Kalahok sa Intelektuwalisasyon ng Filipino:**

Para kay Sibayan, maisasakatuparan lamang ang ganap na intelektuwalisasyon ng Filipino sa pamamagitan ng kolaboratibong pagsisikap ng iba't ibang populasyon at sektor ng lipunan. Tinukoy niya ang mga sumusunod bilang mga kalahok sa gawaing ito: 1) mga lingguwista, 2) mga manunulat, 3) mga pablisar, mga propesyonal, at 4) mga pansuportang institusyon tulad ng paaralan at pamantasan, mass media, pamahalaan, mga pribadong institusyon, at ang madla.

Ayon kay Sibayan, kung mayroong mga sanay na *theoretical* at *applied linguists* na gumagawa ng mahahalagang desisyon at tumutulong sa mga gawain ng pagpaplanong pangwika, napabilis sana ang development ng Filipino (247). Upang ipakita ang kahalagahan ng mga lingguwista, isang halimbawang ibinigay ni Sibayan ang desisyon sa pagtatanggal ng mga titik c, f, j, q, v, x, at z mula sa alpabetong Filipino noon batay sa di-iskolarling opinyon na walang ganoong mga tunog ang mga wika sa Pilipinas (247). Para kay Sibayan, inantala nito at ng mga walang katapusan at walang kabuluhang pagtatalo hinggil sa pagbaybay ang maayos na grapisasyon ng Filipino (247). Bukod sa pag-aaral ng agham ng wika, kailangan ding pag-aralan ng mga lingguwista ang politika ng wika upang malaman nila nang mas mabuti kung paano maiimpluwensiyahan ang mga opisyal na tagagawa ng desisyon (Sibayan 272). Kaugnay rin ng pangangailangan sa mga lingguwista ang pangangailangan sa mga nagtutulongan at nag-uugnayang samahang pangwika (Sibayan 306). Isang halimbawa nito ang LSP na nanguna sa maraming lingguwistikong gawain katulad ng pagtatatag ng unang consortium para sa programa ng doktorado sa lingguwistika sa Pilipinas, pagsasanay ng mga lingguwista at guro ng wika, at paglalathala ng mga orihinal na pananaliksik sa lingguwistikang Pilipino (Sibayan 270–271).

Sapagkat ang intelektuwalisadong wika ay nasa anyong pasulat, kinakailangan din ang pakikilahok ng mga manunulat. Dapat sila'y mga eksperto sa kanilang mga asignatura at mga kinikilalang iskolar sa kanilang larangan (Sibayan 464). Sa larangan ng edukasyon, may pangangailangan sa maalam at sanay na pangkat ng mga manunulat ng kurikulum at teksbuk (Sibayan 474). Ang magagawa nilang mga

sanggunian, mga gabay ng guro, at iba pang mga kagamitang panturo para sa mga unang baitang ng paaralan hanggang sa kolehiyo ay makatutulong sa pagbuo ng pedagogical idiom (Sibayan 474). Dapat ang mga manunulat na ito'y mga *balanced bilinguals* na mahusay kapuwa sa Ingles at Filipino (Sibayan 464). Ayon kay Sibayan, ang intelektuwalisasyon ng Filipino ay nakasalalay sa mga bilingguwal na iskolar dahil sila ang magsasalin sa Filipino ng mga iskolarling materyal na nakasulat hindi lamang sa Ingles kundi maging sa iba pang intelektuwalisadong wika tulad ng Aleman, Pranses, Ruso, at Hapon (451). Bukod sa kakayahang magsalin, kung maaari'y nakasusulat din ng orihinal na pananaliksik sa Filipino ang mga iskolar na ito (Sibayan 464). Ang mga gawaing ito ay nangangailangan din ng masiglang industriya ng paglalathala (Sibayan 456). Dapat may mga pablisar na maglalathala at magmamarket ng mga publikasyon sa Filipino (Sibayan 465).

Mahalaga rin ang mga propesyonal bilang katuwang sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Para kay Sibayan, ang mga propesyonal ang dapat magpasya kung ang naisulat at natala sa kanilang larangan ay kailangang isalin sa Filipino o hindi (Sibayan 308). Aniya: “Ang mga doktor lamang ang makapagtuturo sa magiging doktor, ang mga inhinyero lamang ang makapagtuturo sa magiging inhinyero, at mga ‘physicist’ lamang ang makapagtuturo sa magiging ‘physicist’, atbp” (Sibayan 307–308). Sapagkat sila ang nasa mismong larangan o praktika, kailangang makilahok ng mga propesyonal sa intelektuwalisasyon ng Filipino upang mapalitan nito ang Ingles sa kanilang mga larangan. Isang malaking balakid dito ang paniniwala ng maraming propesyonal na ang pagpapalit ng wika mula Ingles patungong Filipino sa kanilang mga propesyon ay hindi praktikal (Sibayan 232). Kung gayon, kailangang ipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng gayong pagsisikap.

Paaralan ang pangunahing institusyong nagtatakda sa hulma ng paggamit ng wika sa Pilipinas (Sibayan 6), kaya mahalaga ito bilang isang pansuportang institusyon. Ayon kay Sibayan, paaralan ang gagamit sa intelektuwalisadong wika bilang pangunahing wikang panturo (231). Sa partikular, may malaking tungkulin ang mga kolehiyo't pamantasan bilang tagapanguna sa development ng mga programang pangwika sa mga paaralan batay sa mga kaalamang likha ng iskolarsyip (Sibayan 67). Hinihikayat din silang maglathala ng mga orihinal na pananaliksik na nakasulat sa Filipino (Sibayan 475). Sumunod sa mga

paaralan, itinuturing din na mahahalagang institusyong nakaiimpluwensiya sa paggamit ng wika ang mass media, tulad ng pahayagan, radyo, at telebisyon (Sibayan 15). Sa kasalukuyan, maidaragdag na rito ang Internet at social media.

Isa pang pansuportang institusyon ang sektor ng pamahalaan. Sa katunayan, hindi na nga kailangan pang bigyang diin ang pakikilahok ng pamahalaan sa intelektuwalisasyon sapagkat ito naman talaga ang pangunahing institusyong naglalatatag, nagpapatupad, at nagpopondo ng mga pambansang patakarang pangwika. Gayunman, nagbigay pa rin si Sibayan ng mga konkretong gawain sa mga sangay ng gobyerno na makatutulong sa intelektuwalisasyon ng Filipino, katulad ng paggamit ng Filipino sa mga korespondensiya, sirkular, at memoranda ng mga kagawaran, pagdaragdag ng mga tanong na Filipino sa mga pagsusulat ng Civil Service Commission at Professional Regulations Commission, pagsusulat ng mga batas sa Filipino ng lehislatura, at paglalabas ng mga desisyon sa Filipino ng hudikatura (473). Siyempre pa, nasa sektor ng pamahalaan ang pangunahing ahensiyang pangwikang inaasahang magtataguyod sa pagpapaunlad ng wikang pambansa, ang KWF. Ito ang mangunguna, magkokoordineyt, at maghihikayat sa mga gawaing kaugnay ng intelektuwalisasyon (Sibayan 476–477). Sa katunayan, sa kabila ng kaniyang maikling panunungkulan bilang part-time commissioner sa KWF, malaki ang naging impact ni Sibayan sa bisyon ng ahensiya hinggil sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Ayon kay Dr. Batnag, inangkop ng Board of Commissioners ang mga mungkahi at plano ni Sibayan para sa intelektuwalisasyon ng Filipino, at nagpalabas ang ahensiya ng mga babasahing nagpapaliwanag sa proseso ng intelektuwalisasyon at konsepto ng mga larangang pangwika.

Mahalaga rin ang suporta ng mga pribadong institusyon sa negosyo, komersiyo, at industriya. Ayon kay Sibayan, ang mga ito’y mahahalagang institusyong pantrabaho na nangangailangan ng paggamit ng iba’t ibang anyo ng intelektuwalisadong wika, lalo na sa mga nakasulat na transaksyong pangnegosyo (231). Dapat may mga employer na naniniwala sa paggamit ng nakasulat na Filipino hindi lamang sa pagtuturo at pagkatuto kundi maging sa lugar ng trabaho (Sibayan 465).

Higit sa lahat, magiging ganap na matagumpay ang anomang programa sa intelektuwalisasyon ng Filipino

kung ito’y susuportahan ng madla. Sa karanasan ng Pilipinas, makikitang naging isa sa mga pangunahing suliranin sa patakarang pangwika ang pagtanggap ng madla. Ayon kay Fishman, ang mga pananaw, opinyon, paniniwala, persepsiyon, at damdamin ng mga taong sangkot sa paghahanap ng kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng wika ay makapangyarihan para sa mobilisasyon (sinipi sa Sibayan 146). Dahil dito, kailangan ng isang populasyong naniniwala sa paggamit ng intelektuwalisadong wika para sa edukasyon ng kanilang mga anak sapagkat iyon ang wikang mag-aangat sa kanilang sosyo-ekonomikong katayuan (Sibayan 231). Ayon kay Sibayan, ang pinakamahuhusay na batis sa pagtaya ng nararamdaman at iniisip ng madla ay ang mga sarbey (267).

**Mungkahing Talaorasan sa Intelektuwalisasyon ng Filipino:** Nagmungkahi si Sibayan ng mga katanungan na magsisilbing sukatan ng intelektuwalisasyon ng Filipino:

1. Maaari bang makakuha ng edukasyon ang mga Pilipino sa pamamagitan ng wikang Filipino mula sa mga primaryang baitang hanggang sa pamantasan kabilang na ang gradwadong paaralan?
2. Filipino ba ang pangunahing wikang ginagamit sa mahahalagang larangan ng wika?
3. Minimithi ba ng karamihan sa mga Pilipino na makakuha ng edukasyon ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng Filipino bilang pangunahing wika? (454; akin ang salin)

Sa pagsagot ng mga katanungang ito, mapagtatantong napakahaba pa ng landas tungo sa intelektuwalisasyon (Sibayan 455). Sa katunayan, iminungkahi ni Sibayan na kailangan ng isang siglo upang ganap na maintelektuwalisa ang Filipino. Ayon kay Dr. Batnag, mariin itong tinutulan ni Dr. Ponciano Pineda, punong komisyoner ng KWF noong panahong part-time commissioner si Sibayan, sapagkat tila makaaantala lamang ito sa pagyabong ng Filipino. Gayunman, dagdag ni Dr. Batnag, may punto naman si Sibayan sapagkat bagama’t ang Filipino’y malaganap nang sinasalita sa buong bansa, ginagamit nang wikang panturo sa mga kolehiyo, at intelektuwalisado na sa larangan ng panitikan, kailangang nagagamit ito bilang wikang panturo mula kindergarten hanggang gradwadong paaralan upang masabing ganap na itong intelektuwalisado.

Noong 1969, nagpakilala na si Sibayan ng plano para sa intelektuwalisasyon ng Filipino sa loob ng sandaang taon mula 1937 (taon kung kailan itinakda ang Tagalog bilang batayan ng wikang pambansa) hanggang 2037 (Sibayan 295). Gayunman, taong 1998

noong una siyang nagpanukala ng komprehensibong sandaang taong talaorasan (*timetable*) para sa intelektuwalisasyon ng Filipino mula 2001 hanggang 2100 (Sibayan 229). Ibinubuod ng Talahanayan 1 ang talaorasan na hinati ni Sibayan sa apat na kwarter.

### Talahanayan 1

Sandaang taong talaorasan para sa intelektuwalisasyon ng Filipino

| Panahon                                                                                                                                          | Gawain/Produkto                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                 |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 2001–2025                                                                                                                                        | Pagpapatuloy ng pag-aaral sa panitikang Pilipino; paggamit ng Filipino sa mga asignaturang pangnilalaman; pagsulat ng mga teksbuk at sanggunian sa Filipino para sa mga asignaturang pangnilalaman; pagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga magsusulat ng kagamitang panturo; “ <i>identification and encouragement program</i> ” sa ibang CD upang mahikayat ang iba pang iskolar na magsulat at magturo sa Filipino                                                                                                                                                                                                                            |
| 2026–2050                                                                                                                                        | Pagsisimula ng paggamit ng intelektuwalisadong Filipino upang makakuha ng digri sa Filipino; pagdami ng mga populasyong gumagamit ng intelektuwalisadong Filipino sa mga CD; paggamit ng Filipino sa trabaho                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                    |
| 2051–2075                                                                                                                                        | Pagsusulat ng mga libro, dyornal, at iba pang intelektuwal na publikasyon sa Filipino; pagkuha ng mga digring itinuturo sa intelektuwalisadong Filipino; pagpalit ng Filipino sa Ingles sa maraming akademikong kurso                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                           |
| 2076–2100                                                                                                                                        | Pagtuturo ng lahat ng mahahalagang propesyon sa Filipino; pagsasagawa ng mga pagsusulit ng Professional Regulations Commission at iba pang kaugnay na ahensiya gamit ang kapuwa Ingles at Filipino; mga kurso sa intelektuwalisadong Filipino para sa lahat ng akademikong digri; kaalaman sa intelektuwalisadong Filipino bilang kahingian sa trabaho at sa lahat ng CD; intelektuwalisadong Filipino bilang wika ng iskolarling diskurso; publikasyon ng mga dyornal sa mahahalagang dominyo ng kaalaman sa intelektuwalisadong Filipino; pagsasalin ng mga iskolarling publikasyon mula Filipino patungong iba pang intelektuwalisadong wika |
| Sanggunian: Bonifacio Sibayan, <i>The Intellectualization of Filipino and other Sociolinguistic and Education Essays</i> , 1999, 235–237, Print. |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                 |

Ayon kay Sibayan, maisasakatuparan lamang ito kung ang mga edukado sa Ingles at iba pang intelektuwalisadong wika at ang mga nangungunang populasyon sa mga CD ay handang gawin ang trabaho ng pagdadala ng kaalaman sa nakararaming Pilipino sa pamamagitan ng intelektuwalisadong Filipino (237). Mangyari pa, kailangan ng mga tao o institusyong handang magpondo sa programa ng intelektuwalisasyon at sa paggamit ng intelektuwalisadong Filipino (Sibayan 465). Higit sa lahat, kailangan ng mga Pilipino ng pasensiya (Sibayan 465).

### KONGKLUSYON

Ang intelektuwal na talambuhay ni Sibayan ay salaysay ng isang indibidwal na naglaan ng kaniyang talino, lakas, at panahon upang malutas ang suliraning sumaklaw sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng kaniyang bayan kaugnay ng wika. Bilang isang lingguwista, pinairal niya ang maingat at makaagham na lapit sa pagpaplanong pangwika na nakabatay sa masusing pag-aaral ng kasaysayan at sa mga eksperimento’t sarbey na aktibo niyang pinangunahan at nilahukan. Ang kaniyang personal na karanasan bilang estudyante ng sistemang pang-edukasyon ng mga Amerikano, bilang guro ng elementarya hanggang

gradwadong paaralan, at bilang administrador ng paaralan ay nagpalawak sa kaniyang pananaw hinggil sa marami at sanga-sangang aspekto ng suliraning pangwika ng Pilipinas. Pagkatapos matukoy ang suliranin, kumilos si Sibayan at lumahok sa mga hakbang upang malutas ito. Dalawang gawain ni Sibayan ang maituturing na konkreong palatandaan nito: ang pakikilahok sa programa ng bilingguwal na edukasyon at ang pagtataguyod sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Makikita rin na ang kaniyang mga ideya ay laging nakaangkla sa realidad ng kaniyang lipunan. Sa kabila ng mga kritisismo, nanindigan si Sibayan sa pangangailangan sa Ingles at sa patuloy na pagpapaunlad ng Filipino. Maraming taon na ang lumipas mula noong pumanaw si Sibayan, ngunit nananatiling makabuluhan sa kontemporaryong lipunang Filipino ang kaniyang mga obserbasyon at rekomendasyon.

Inaasahan na sa pamamagitan ng intelektuwal na talambuhay ni Sibayan, muling mababalikan at maisasaalang-alang ang kaniyang mga ideyang kapaki-pakinabang pa rin para sa kasalukuyang pagsisikap sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Inaasahan ding mabubuhay ang interes sa mas malalim pang pagsusuri ng mga ideya ni Sibayan, lalo na iyong mga nasa akdang hindi isinama sa pag-aaral na ito. Inirerekomenda ring siyasatin ang kaniyang kasiningan sa pagpipinta at eskultura na mga dominyo rin ng kaniyang buhay-intelektuwal. Higit sa lahat, sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa buhay ni Sibayan, maipaalala nawa sa kontemporaryong mambabasang Pilipino na kailangang magkaisa at maging determinado tungo sa ganap na intelektuwalisasyon ng kanilang wikang pambansa para sa kapakanan ng mga susunod na henerasyon.

## SANGGUNIAN

- Abinales, Patricio N. at Donna J. Amoroso. *State and Society in the Philippines*. Ikalawang ed. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017. Print.
- Batnag, Aurora E. Personal na Komunikasyon sa Email. 18 Mayo 2021.
- Bautista, Ma. Lourdes S. "A Survey of Language Use Surveys in the Philippines, 1969–1983." *Panagani: Essays in Honor of Bonifacio P. Sibayan on his Sixty-Seventh Birthday*. Pat. Andrew B. Gonzalez. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1984. 94–105. Print.
- \_\_\_\_\_. Personal na Panayam. 18 Mayo 2021.
- \_\_\_\_\_. "The Linguistic Society of the Philippines, 1969–1989." *The Philippine Journal of Linguistics* 20.2 (1989): 45–55. Print.
- Bernardo, Alejandro S. "Cornucopia: The Linguistic Society of the Philippines at 50." *Philippine Journal of Linguistics* 50 (2019): 1–17. Web. 21 Mayo 2021. <[https://www.academia.edu/42825805/Cornucopia\\_The\\_Linguistic\\_Society\\_of\\_the\\_Philippines\\_at\\_50](https://www.academia.edu/42825805/Cornucopia_The_Linguistic_Society_of_the_Philippines_at_50)>
- "BPS Lectures." *Linguistic Society of the Philippines*. n.d. Web. 21 Mayo 2021. <<https://www.lspil.net/bps-lectures>>
- Castillo, Emma S. Personal na Panayam. 19 Mayo 2021.
- Constantino, Pamela C. *Pagpaplanong Pangwika tungo sa Modernisasyon: Karanasan ng Malaysia, Indonesia at Pilipinas*. Quezon City: Unibersidad ng Pilipinas–Sentro ng Wikang Filipino, 1991. Print.
- De Leon, Jay Israel B. "Si Ernesto Constantino at ang Wikang Filipino: Intelektuwal na Talambuhay ng isang Haligi ng Lingguwistika at Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas." *Malay* 33.1 (2020): 1–21. Print.
- Fishman, Joshua A. Foreword. *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. vii–viii. Print.
- Gonzalez, Andrew B. "About the Author and His Book." *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. xi–xiv. Print.
- , pat. *Panagani: Essays in Honor of Bonifacio P. Sibayan on his Sixty-Seventh Birthday*. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1984. Print.
- Kelman, Herbert C. "Language as an Aid and Barrier to Involvement in the National System." *Can Language be Planned?: Sociolinguistic Theory and Practice for Developing Nations*. Mga pat. Joan Rubin at Björn H. Jernudd. Honolulu: University Press of Hawaii, 1971. 21–51. Print.
- Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). "Nominasyon para sa Dangal ng Wika 2020." *Facebook*. 27 Hul. 2020. Web. 21 Mayo 2021. <<https://www.facebook.com/komfilgov/photos/a.926809631048246/1056639378065270/?type=3>>
- Lamadrid, Alex V. "Oral History of Linguistics and Applied Linguistics in the Philippines." *The Philippine Journal of Linguistics* 20.2 (1989): 57–66. Print.
- Li, Wei. "Conceptual and Methodological Issues in Bilingualism and Multilingualism Research." *The Handbook of Bilingualism and Multilingualism*. Mga pat. Tej K. Bhatia at William C. Ritchie, ikalawang ed. Chichester, West Sussex: Blackwell Publishing, 2013. 26–51. Print.
- Paulston, Christina Bratt. Introduction. *The Early Days of Sociolinguistics: Memories and Reflections*. Mga pat.

- Christina Bratt Paulston at G. Richard Tucker. Dallas, Texas: SIL International, 1997. 3-9. Print.
- Rafael, Vicente L. *Motherless Tongues: The Insurgency of Language amid Wars of Translation*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2016. Print.
- Sibayan, Bonifacio P. "A Suggested One-hundred-year Time-table for the Intellectualization of Filipino." Papel na binasa sa International Conference on Language Education, Manila, 1998. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 229-240. Print.
- \_\_\_\_\_. "Ang Hipotesis Ng Motibo Ng Pakinabang [Profit Motive] Sa Pagdaragdag, Pagpapalit, at Paglilipat Ng Wika." *Sa Hiyas Ng Panitikang Filipino: Handog Parangal Kay Genoveva E. Matute*. Mga pat. A. O. Santiago et al. Makati: Bookmark, 1991. 283-298. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 303-314. Print.
- \_\_\_\_\_. "Ang Kahulugan Ng 100-taong Plano Para Sa Paglinang Ng Filipino." *Journal Ng KWF* (1996): 53-58. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 295-301. Print.
- \_\_\_\_\_. "Becoming Bilingual in English in a Non-English Environment." *Focusschrift in Honor of Joshua A. Fishman on His 65th Birthday: Bilingual Education*. Vol. 1. Pat. Ofelia Garcia. Amsterdam: John Benjamins, 1991. 283-296. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 325-338. Print.
- \_\_\_\_\_. "Bilingual Education in the Philippines: Strategy and Structure." *Georgetown University Round Table on Language and Linguistics*. Pat. James E. Alatis. Washington, DC: Georgetown University Press, 1978. 302-379. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 339-368. Print.
- \_\_\_\_\_. "English and Pilipino in Science Teaching and Learning: Some Theoretical and Pragmatic Considerations." *Science Teaching in the Philippines*. Pat. Marie S. Fernandez. Quezon City: University of the Philippines Press, 1983. 43-49. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 395-402. Print.
- \_\_\_\_\_. "Ilang Suliranin tungkol sa Intelektwalisasyon ng Filipino." *Bantayog: Mga Piling Sanaysay sa Wika at Panitikan: Handog Parangal kay P.B.P. Pineda*. Pat. Alfonso O. Santiago. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1990. 90-95. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 479-484. Print.
- \_\_\_\_\_. "Insights from Language Planning Based on the Philippine Experience." *Language Use, Language Planning and the Curriculum*. Pat. Verner Bickley. Hong Kong: Institute of Language in Education, 1991. 54-72. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 241-262. Print.
- \_\_\_\_\_. "Issues and Dilemmas in Language and Language Teaching in the Philippines." *Philippine Journal for Language Teaching* 15.1-4 (1987): 1-8. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 439-446. Print.
- \_\_\_\_\_. "Language and Policy: Caution on Filipino-only as Language of Instruction." *Social Science Information* 18.1 (1990): 4-6. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 201-203. Print.
- \_\_\_\_\_. "Language Policy, Language Engineering and Literacy in the Philippines." *Advances in Language Planning*. Pat. Joshua A. Fishman. The Hague: Mouton, 1974. 221-254. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 1-36. Print.
- \_\_\_\_\_. "Literacy Redefined: Literacy in What? Literacy for What?" *The Manila Bulletin* 2 Feb. 1997: 11; H 26 at 9 Feb. 1997: 11; G 21-22. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 285-294. Print.
- \_\_\_\_\_. "Pilipino and the Filipino's Renewed Search for a Linguistic Symbol of Unity and Identity." *The Fergusonian Impact: Sociolinguistics and the Sociology of Language*. Mga pat. Joshua A. Fishman et al. Berlin: Mouton de Gruyter, 1986. 351-360. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 135-144. Print.

- \_\_\_\_\_. "Rationale for Bilingual Education in the Philippines." *Philippine Journal for Language Teaching* 7.5.6 (1974): 1–14. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 369–380. Print.
- \_\_\_\_\_. "Reflections on Some Dilemmas posed by Literacy in English, Filipino, and the Philippine Vernaculars." *Pagtanaw: Essays on Language in Honor of Teodoro A. Llamzon*. Pat. Ma. Lourdes S. Bautista. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1998. 149–157. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 315–323. Print.
- \_\_\_\_\_. "Some Philippine Sociolinguistic Concerns: 1967-1992." *International Journal of the Sociology of Language Special 10th Anniversary Issue* (1984): 127–137. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 267–278. Print.
- \_\_\_\_\_. "Some Problems of Bilingual Education in the Philippines." *The Philippine Journal of Education* (Hulyo 1996): 18–20, 70–71. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 403–409. Print.
- \_\_\_\_\_. "Survey of Language Use and Attitudes towards Language in the Philippines." *Language Surveys in Developing Nations*. Mga pat. Sirarpi Ohannesian et al. Arlington: Center for Applied Linguistics, 1975. 115–143. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 103–134. Print.
- \_\_\_\_\_. "Teaching for Communicative Competence in a Second Language." *Communicative Language Teaching*. Pat. Bikram K. Das. Singapore: University of Singapore Press, 1985. 106–119. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 381–394. Print.
- \_\_\_\_\_. "Terms and Points of Reference in Intellectualization with Particular Reference to Filipino." *Philippine Journal of Linguistics* 19.2 (1989): 7–12. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 471–478. Print.
- \_\_\_\_\_. "The Implementation of Language Policy." *Determination and Implementation of Language Policy: Philippine Center for Language Study Monograph Series 2*. Mga pat. Maximo Ramos et al. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1967. 126–189. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 37–86. Print.
- \_\_\_\_\_. "The Influence of Nationalism on Philippine Language Planning." *Sangguni* 1.1 (1978): 1–16. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 215–228. Print.
- \_\_\_\_\_. "The Intellectualization of Filipino." *International Journal of the Sociology of Language Special Issue on Sociolinguistic Studies in the Philippines* (1991): 69–82. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 447–460. Print.
- \_\_\_\_\_. "The Teaching of the Technical Disciplines in Filipino." *Unitas* 67.1 (1994): 88–89. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 461–470. Print.
- \_\_\_\_\_. "The Vision is Correct but the Timetable is Wrong." *The CEAP Perspective* 12.2 (1992): 12–16. Muling inilimbag sa *The Intellectualization of Filipino and Other Sociolinguistic and Education Essays*. Ni Bonifacio P. Sibayan. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. 205–214. Print.
- Smith, Louis M. "Biographical Method." *Handbook of Qualitative Research*. Mga pat. Norman K. Denzin at Yvonna S. Lincoln. Thousand Oaks: Sage Publications, 1994. 286–305. Print.
- Torrevillas, Domini M. "Lapu-Lapu and Boni Sibayan." *Philstar*. 21 Abr. 2005. Web. 21 Mayo 2021. <<https://www.philstar.com/opinion/2005/04/21/274744/lapu-lapu-and-boni-sibayan>>
- Unibersidad ng Pilipinas-Sentro ng Wikang Filipino (UP-SWF) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA). *Pambansang Direktoryo ng mga Alagad ng Wika*. Quezon City: UP-SWF at NCCA, 2004. Print.